

Salin at Anotasyon ng mga Dokumento ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection Ukol sa Marikina

Mark Joseph Pascua SANTOS

Centro Escolar University

mjpascuasantos@gmail.com

<https://orcid.org/0000-0003-0729-5895>

Axle Christien J. TUGANO

University of the Philippines Los Baños

ajtugano1@up.edu.ph

<https://orcid.org/0000-0002-4849-4965>

ABSTRAK

Ang pagsasalin ay hindi lamang payak na pagtutumbasan ng mga salita sa pagitan ng dalawang wika. Isang anyo rin ito ng kapangyarihan ng isang kalinangan na ipasok ang mga elementong banyaga sa sinapupunan ng sarili upang maging bahagi ng kabuuang kaalamang bayan. Akto ito ng pag-aangkin, na lagpas sa mababaw na antas ng panghihiram, sapagkat anumang isinasalin tungo sa sariling wika-at-kalinangan ay wala nang balak na ibalik pa sa pinagmulang lengguwahe-at-kultura. Sa prinsipyong ito nakasalalay ang yumayabong na tradisyon ng pagsasalin sa akademyang Pilipino, partikular sa eskwelang pangkaisipan na Bagong Kasaysayan. At sa tradisyon namang ito ng Bagong Kasaysayan, partikular sa diwa ng “mapanuring pagsasaling bayan,” inilunsad ang proyektong pagsasalin ng ilang piling dokumento ukol sa Marikina ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas, mula sa wikang Ingles tungo sa wikang Filipino. Liban sa pagsasalin, nilapatan din ito ng mga anotasyon na naglalayong magpaliwanag ng teksto, magkros-reperensya ng mga batis, magpook sa mas malawak na kalinangang Pilipino, at magbigay-diin sa saysay ng mga isinaling dokumento. Lahat ng ito ay alinsunod sa pagnanasa ng mga may-akda/tagapagsalin na mag-ambag sa larangan ng Araling Marikina, at sa mas malawak na adhikain ng pagsasa-Filipino ng akademyang Pilipino.

Mga Susing Salita: *pagsasalin, anotasyon, H. Otley Beyer Ethnographic Collection, Marikina, mapanuring pagsasaling bayan*

ABSTRACT

Translation is not a mere search for equivalence of words between two languages. It is also a form of power by a culture in appropriating foreign elements into the innermost part of the self, so that it could be subsumed to the totality of the people's knowledge. It is also an act of owning, which transcends the lower level of borrowing, since everything that is translated from our own language-and-culture will not be returned anymore to the originating language-and-culture. This principle is the very foundation of the flourishing tradition of translation in the Philippine academe, particularly in the school of thought Bagong Kasaysayan. And it is in this tradition of Bagong Kasaysayan, particularly in the spirit of mapanuring pagsasaling bayan, that this project of translating from English into Filipino of documents on Marikina from the H. Otley Beyer Ethnographic Collection of the National Library of the Philippines is launched. Aside from translation, some annotations are also supplied, which aims to provide explanations of the text, cross-referencing of sources, contextualization into the wider Filipino culture, and emphases on the relevance of the translated document. All of these are in accordance with the desire of the authors/translators to contribute to the field of Araling Marikina, and to the wider project of Filipinizing the Philippine academe.

Keywords: translation, annotation, H. Otley Beyer Ethnographic Collection, Marikina, mapanuring pagsasaling bayan

Pagsasalin at ang Bagong Kasaysayan

 ng pagsasalin ay pagpopook. Mahalaga ang pagpupunyaging ito upang maipasok sa sariling kaunawaan at pangangailangan ang ideya at konseptong nagmula at pinagyaman mula sa “labas.” Walang sibilisasyon sa daigdig ang hindi nangailangan ng pagsasalin¹ – mababakas ito sa mga literatura, pilosopiya, at maging sistema ng pagsulat – i.e., Griyego at Romano; Tsino, Hapon, at sinaunang Korea; at iba pang sibilisasyong Indiano at Islam. Gayunpaman, hindi ito simpleng “pangongopya” na may tendensiyang maliitin at tingnan na pasibong tagatanggap lamang ang ibang rehiyon ng “kaunlaran” ng mga naghaharing sibilisasyon sa daigdig. Dahil sa mismong arkipelago ng Pilipinas, nakita ang malaking papel ng pagsasalin sa pagpupunla ng kolonisasyon at ebanghelisasyon sa mga katutubong Pilipino. Idiniin halimbawa ni Zeus Salazar

¹ Raquel Sison-Buban, “Saling Abueg: Ang Pagtatagpo ng Ideya at Praktika ng Pagsasalin,” *Malay Journal* 24, blg. 1 (2011): 94.

ang naging papel ng mga *ladino* o mga katutubong tagapagsalin at tagapag-ugnay sa pagitan ng mga Pilipino at Español. Isinalin ng mga *ladino* ang mga literatura, pilosopiya, at sistema ng pagsulat ng mga katutubo para sa kaunawaan ng mga prayleng Español, at kalaunan ang mga ladinong ito ay magkakaroon ng katungkulan sa sistemang kolonyal bilang mga *escribanos*, *abogadillos*, o *apoderadillos* – na mas magiging bihasa sa pagsasalin ng anumang larang.² Samakatuwid, nang matuto ang mga Español ng katutubong wika, malaya na nilang naipatupad ang anumang naisin nila – nang hindi man lang naipapaunawa sa mga katutubo ang wikang Español. Kaya’t walang naging pakinabang at pakikibahagi ang mga katutubo rito, at namayani pa ang mga banyaga hanggang sa pamamayagpag ng Ingles ng Estados Unidos.

Matagal na nawalay ang wikang F/Pilipino sa mismong mga mamamayan nito, partikular sa mga edukadong sektor ng lipunan (na tinagurian ni Salazar na “*nacion*”). Bagaman may ilang kilusang nagtataguyod rito sa panahong namamayani ang kolonyalismong Español at Amerikano, patuloy pa rin itong iginigiit hanggang sa kasalukuyan. Kaya isa ang pagsasalin sa magiging ahente ng “pagbabalik-loob sa bayan” upang maunawaan mismo ang pangangailangan ng bayan. Itinaguyod ni Salazar ang pagsasalin sa mga banyagang akda tungo sa wikang F/Pilipino, na isang ganap na hudyat ng pag-aangkin ng mga hiram na kaisipan na ipaloloob sa kalinangang bayan.³ Dagdag pa niya, “kailangan ang pagsasalin sa Pilipino, isang gawaing lalo pang magkakamit ng ibayong lawak at kabuluhan sa tulin at ritmo ng ating pagiging buong pagkakakultura at wika.”⁴ Laging sinasabi ni Salazar na kinakailangang maisalin sa wikang Filipino ang mga klasikong sulatin, tulad ng akda nina Augustine, Fernand Braudel, Marc Bloch, at marami pang iba. Gayundin, isinaad niya isang beses ang pangangailangan na magkaroon ng pagsasalin ng mga dokumentong pangkasaysayan sa wikang Filipino, na tutumbas o hihigit pa nga sa 55-tomong aklat na pinatnugutan nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson

² Zeus A. Salazar, “Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan,” *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 1, blg. 1 (2015): 59-60. Unang inilathala sa Violeta Bautista at Rogela Pe-Pua, mga pat., *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya, at Pananaliksik* (Maynila: Kalikasan Press, 1991), 46-72. Maliban kay Salazar, tingnan din ang pagpapaliwanag ni Rafael sa papel ng pagsasalin (sa Tagalog) sa konteksto ng kolonisasyon at ebanghelisasyon: Vicente Rafael, *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule* (Ithaca and London: Cornell University Press, 1988), 211.

³ Zeus A. Salazar, “Mula sa Patnugot,” nasa *Ang Kasaysayan: Dirwa at Larwak*, pat. Zeus Salazar (Quezon City: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974), ix-x.

⁴ Cf. Zeus A. Salazar, “Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino,” nasa pat. Zeus Salazar, *Mga Bagong Pag-aaral sa Wika, Literatura, at Kultura: Dyornal ng Malawakang Edukasyon, XXIII-XXIV* (Quezon City: University of the Philippines Diliman, 1975), 53-81.

na *The Philippine Islands, 1493-1898*.⁵ Inihayag niya sa harap ng kaguruan sa U.P. Diliman ang kanyang haraya na magtipon ng mga dokumentong isasalin sa wikang F/Pilipino ilang dekada na ang nakararaan:

Ang ibig sabihin, gusto namin sa Departamento ng Kasaysayan na magkaroon ng isang Blair and Robertson sa wikang Pilipino na hindi lamang 55 bolyum kung hindi, bakit hindi, 500 bolyum pa nga! Hindi matatapos iyan ng isang henerasyon, natural; subalit sino ba ang nag-iisip na ang bansang Pilipino ay nakapaloob sa isang henerasyon lamang? Iyong indibiduwalista lamang ang nag-iisip ng ganyan, kasama na ang mga kongresista; hindi tunay na historyador, sapagkat ang historyador ay nakakakita ng perspektiba, ng kabuuang kasaysayan ng ating bansa.⁶

Tatak “Salazariano” at ng *Pantayong Pananaw*, sampu ng mga tagasunod nito, ang pagsasalin.⁷ Nakapagsalin si Salazar ng ilang babasahing isinulat ng mga banyagang katulad nina Oswald Spengler⁸ at Yu Levtonova⁹ noong 1974; George Fischer noong 1977;¹⁰ Walter Jens noong 1989;¹¹ Yoshihara Kunio noong 1990 kasama si Proserpina Tapales;¹² Karl Marx at Friedrich Engels

⁵ Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, mga pat. at tsln. *The Philippine Islands, 1493-1898, 55 Volumes* (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909).

⁶ Zeus A. Salazar, *Ang P/Filipino sa Agham Panlipunan at Pilosopiya* (Manila: Kalikasan Press, 1991), 82-83, sipi mula sa Mark Joseph Santos, “Panimula: Ang Guro sa Bahay Escaler,” nasa *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*, mga pat. Mark Joseph Santos at Axle Christien Tugano (Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2019), 8.

⁷ Cf. Portia Reyes at Ramon Guillermo, “Paraphrasing Europe: Translation in Contemporary Filipino History,” *Kritika Kultura* 13 (2009): 64-99.

⁸ Oswald Spengler, “Ang Pag-aaral sa Kasaysayang Pandaigdig, tsln. Zeus Salazar,” nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, pat. Zeus Salazar (Diliman, Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974), 38-57.

⁹ Zeus A. Salazar, “Panunuring Aklat II: Yu Levtonova, Istoriya obshchestvennoij Mysli na Filippinakh (vtoroya polovina xix.v.),” nasa *Dyornal ng Malawakang Edukasyon, XXVII – XXVIII*, pat., Zeus Salazar (Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974), 520-530. Tingnan din, Zeus Salazar, “Sulat sa Patnugot Mula kay Yu Levtonova, Salin at Sagot ng Patnugot,” nasa *Isang Panunuring Aklat sa Kasaysayan* 1, pat. Zeus Salazar (Quezon City: Publikasyon ng Departamento ng Kasaysayan, Dibisyon ng Agham Panlipunan at Sining, UP, 1977), 237-241.

¹⁰ Zeus A. Salazar, “George Fischer. Un Cas de decolonisation Les Etats Unis et les Philippines,” nasa *Isang Panunuring Aklat sa Kasaysayan* 1, pat., Zeus A. Salazar (Quezon City: Publikasyon ng Departamento ng Kasaysayan, Dibisyon ng Agham Panlipunan at Sining, UP, 1977a), 219-222.

¹¹ Walter Jens, *Ang Pagguho ng Troya*, tsln. Zeus Salazar (Manila: Kalikasan Press, 1989).

¹² Yoshihara Kunio, *Ang Pag-unlad ng Ekonomiyang Hapones*, tsln. Zeus Salazar at Proserpina Tapales (Manila: Solidaridad Publishing House, 1990).

noong 2000;¹³ at ilang banyagang makata sa daigdig noong 2001.¹⁴ Isinalin din ni Salazar ang akda ng isang Pilipinong historyador na si Bonifacio Salamanca noong 1974.¹⁵ Liban kay Salazar, may pagtatangka't ambag na rin ang ilang akademiko na maisalin ang ilang klasikal na babasahing nasa wikang banyaga tungo sa wikang F/Pilipino, gaya ni A. Tinio na nagsalin sa akda ni Henry Wadsworth Longfellow noong 1948;¹⁶ ni I. Pereyna kay Josefa Saniel noong 1974;¹⁷ ni Ma. Luisa Torres kina Renato Constantino at Leticia Constantino noong 1979;¹⁸ ang salin ng Novosti Press Agency sa akda ni Dmitri Yefimov¹⁹ at nina A. Olenin at V. Makarenko²⁰ noong 1983; nina Paula Carolina Malay at Carolina Malay kay Carlos Bulosan noong 1993;²¹ nina D. Asuncion at T. Regala kay F. Rodao noong 1993;²² ni Mario Miclat kay Cao Yu noong 1994;²³ at marami pang iba. Sa ngayon, ang Sentro ng Wikang Filipino (SWF) at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay aktibong nagsasalin ng ilang klasikong akda tungo sa wikang F/Pilipino. Sa KWF, ang isa sa mga halimbawa rito ay salin ni Phillip Kimpo noong 2017 sa akdang paglalakbay ni Antonio Pigafetta.²⁴

¹³ Karl Marx at Friedrich Engels, *Ang Manifesto ng Partido Komunista*, isinalin mula sa orihinal na Aleman at nilapatan ng anotasyon ni Zeus A. Salazar, *Bagong Kasaysayan*, lathalain blg. 10 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2000).

¹⁴ Zeus A. Salazar, *Mga Tula ng Pag-iral at Pakikibaka: Salin at Akda* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2001).

¹⁵ Bonifacio Salamanca, "Ang Pagpapaamo sa Nasyonalismo sa Kapanahong Kasaysayan ng Europa, tsln. Z Salazar," nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, pat. Zeus A. Salazar (Diliman, Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974), 412-422.

¹⁶ Henry Wadsworth Longfellow, *Evangeline: Kasaysayan ng Akadya*, tsln. Amado Tinio Jr. (Isabela: Golden Gate Book Supply, 1948).

¹⁷ Josefa Saniel, "Ang Pag-aaral ng Isang Erya: Isang Pagtatampok ng Multi-disiplinaryong Pamamaraan sa Pag-aaral ng mga Agham-Panlipunan, tsln. Irma Pereyna," nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, pat. Zeus A. Salazar (Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974), 388-403.

¹⁸ Renato Constantino at Leticia Constantino, *Mga Teksbuk ng World Bank: Pakana ng Paglilinlang*, tsln. Ma. Luisa Torres (Quezon City: Linangan ng Kamalayang Makabansa, 1979).

¹⁹ Dmitri Yefimov, *Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang Tadhana ng mga Asyano at Aprikano* (Manila: Novosti Press Agency, 1983).

²⁰ A. Olenin at V. Makarenko, *Ang Unyong Sobyet at ang Pilipinas: Kahapon at Ngayon* (Manila: Novosti Press Agency, 1983).

²¹ Paula Carolina Malay at Carolina Malay, mga tsln. *Nasa Puso ang Amerika: Kasaysayang Buhay ni Carlos Bulosan* (Quezon City: Anvil Publishing, Inc., 1993).

²² Florentino Rodao, "Ang Falange sa Pilipinas, 1936-1945, tsln. Diosdado Asuncion at Trinidad Regala," nasa *Pagbabalik sa Bayan: Mga Lektura sa Kasaysayan ng Historiograpiya at Pagkabansang Pilipino*, pat. Ferdinand Llanes (Manila: Rex Book Store, 1993), 126-154.

²³ Mario Miclat, Ang Pagsasalin ng "Taong Yungib ng Peking" ni Cao Yu: Mga Implikasyong Teoretikal sa Semantikong Salin sa Filipino Mula sa Orihinal na Tsinong Dulang "Beijingren." Disertasyon sa Filipino, University of the Philippines, Diliman, 1994.

²⁴ Antonio Pigafetta, *Unang Paglalayag Paikot ng Daigdig*, tsln. PY Kimpo (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2017).

Totoong para sa ilan, mababa ang tingin sa pagsasalin. Hindi pa nga raw *professionalized* ang pagsasalin sa Pilipinas,²⁵ gayong matagal na itong pinahalagahan sa ibang bansang may mataas na pagpapahalaga sa kanilang sariling wika. Makikita ang ganitong suliranin halimbawa sa mga akademikong dyornal. Sa tuwing nagsusulat ng pananaliksik na nasa wikang Filipino, kailangang lagyan ng abstrak na nasa wikang Ingles. Samantala, kapag nasa wikang Ingles ang artikulo, hindi naman ito nilalakipan ng abstrak na nasa wikang Filipino. Ayon kay Victoria Bautista, makakaalpas tayo sa pagkakaparalisang ito kung maisasalin ang mga abstrak sa wikang Filipino at sasabayan ito ng malawakang pagsasalin ng mga banyagang babasahin tungo sa sariling wika.²⁶ Ang ganitong mataas na ingklinasyon sa pagsasalin ay matagal nang sinuportahan ng kritikong si Bienvenido Lumbera. Aniya:

Ang kailangang pasiglahin ay ang pagsasalin mula sa iba pang wika bukod sa Ingles. Napabayaang sa Pilipinas ang ganitong pagsasalin dahil pinapaniwala tayo ng ating sistema ng edukasyon na sa wikang Ingles natin gaganapin ang pakikipag-ugnayan sa ibang kultura. Ngayong ang daloy mismo ng kasaysayan ang nagpapamalas ng magaganap na paglaya ng mga Filipino sa bilangguan Ingles, kailangan nang harapin ang paghahanda para sa panahon ng paglaya.²⁷

Sa pagdaan ng panahon, napagyayaman na rin sa talastasang Pilipino ang pagsasalin. Ang salin ay hindi lamang isang simpleng transliterasyon ngunit lakip nito ang kritikal na pagsusuri, pagpapalawig, at pagpapatibay sa nilalaman ng paksa. Sa artikulo nina Atoy Navarro at Alvin Campomanes, nakapagbigay sila ng ilang akdang kumatig at nagpapahalaga sa pagsasalin.²⁸ Itinampok nila ang akda ni Dedina Lapar²⁹ na nagpakilala sa konsepto ng *mapanuring pamamatnugot* samantalang kay Jose Rhommel Hernandez³⁰ naman maituturo ang *mapanuring*

²⁵ Sison-Buban, *Saling Abueg*, 94.

²⁶ Victoria Bautista, "Ang Implikasyon sa Disiplina ng Sosyolohiyang Para sa Kaunlaran," *Philippine Sociological Review* 39, blg. 1-4 (1991): 9.

²⁷ Bienvenido Lumbera, *Writing the Nation (Pag-akda ng Bansa)* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2000), 114, sipi sa R. Kwan Laurel, "Pinoy English: Language, Imagination, and Philippine Literature," *Philippine Studies* 53, blg. 4 (2005): 535.

²⁸ Atoy Navarro at Alvin Campomanes, "Mapanuring Pagsasaling Bayan ng *The Aquino Papers* na Unang Inilathala sa *The Bangkok Post* (Pebrero 21-23, 1973)," *Saliksik E-Journal* 7, blg. 2 (2018): 83-149.

²⁹ Dedina Lapar, Ang Liham ni Fray Gaspar de San Agustin: Isang Mapanuring Pamamatnugot (M.A. tesis sa Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 1992).

³⁰ Jose Rhommel Hernandez, Mapanuring Paglilimbag: Isang Pagsasalin at Pagsusuri ng Historia De La Insurreccion Filipina En Cavite (Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Cavite) ni Don Telesforo Canseco, 1897 (M.A. tesis sa Kasaysayan, University of the Philippines,

paglilimbag. Liban kina Lapar at Hernandez, sa konteksto ng mga tagapagtaguyod ng *Pantayong Pananaw*, may naisalin din sina Nilo Ocampo,³¹ Raymund Arthur Abejo,³² Navarro at Campomanes,³³ at Axle Christien Tugano.³⁴ Gayunpaman, maituturo kina Navarro at Campomanes ang malinaw na ideya at depinisyon ng kanilang ipinapakilalang *mapanuring pagsasaling bayan*. Anila:

Ang mapanuring pagsasaling bayan ay hindi lamang simpleng pagsasalin at pagbibigay-anotasyon o pamamatnugot at paglilimbag ng kasulatan, kundi sa malawakan at malalimang pagsasalin, pagsasakonteksto, panunuri, paglalathala, at paglilimbag para sa bayan, sa wika ng bayan.³⁵

Mula sa mga ipinakilalang konsepto ng *mapanuring pamamatnugot*, *mapanuring paglilimbag*, at *mapanuring pagsasaling bayan*, higit na kikiling ang papel na ito sa huling pamamaraan. Bagaman hindi kasing lawak ng naging pagsasalin at anotasyon nina Navarro at Campomanes, sinikap ng pag-aaral na ito na isalin at bigyan ng anotasyon ang isang kasulatang nasa wikang Ingles tungo sa wika at pagpapahalagang bayan. Kung gayon, ginamit ang *mapanuring pagsasaling bayan* sa pag-unawa ng mga tekstong tumuon sa *Kasaysayang Pampook* na “bayan” din naman ang tunguhin. Ang *Kasaysayang Pampook* ay isa sa mga sangay o sablarangan ng *Bagong Kasaysayan* na pumapaksa sa kasaysayan ng sariling barangay, bayan, lalawigan, at/o rehiyon na bahagi ng higit na masaklaw na kasaysayang bayan.³⁶ Dahil sa pamamayani nitong nagdaang

Diliman, Quezon City, 1998). Tingnan din ang iba pang akdang pagsasalin ni Hernandez: Jose Rhommel Hernandez, *Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Filipino sa Cavite ni Don Telesforo Canseco 1897* (Quezon City: Philippine Dominican Center of Institutional Studies, 1999) at Jose Rhommel Hernandez, *Ang Nuestra Prision En Poder De Los Revolucionarios Filipinos (1898-1899)* ni Ulpiano Herrero y Sanpedro, O.P. (1864-1923): Salin at Saysay (Ph.D. disertasyon sa Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 2006).

³¹ Nilo Ocampo, Masikang Sambulat: Pagtatanghal sa Filipino sa Salin kay Austin Coates, Rizal: Philippine Nationalist and Martyr. Ph.D. disertasyon sa Filipino (Pagsasalin) (University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 1994) at Nilo Ocampo, pat. at tsln., *Austin Coates; Rizal: Makabayan at Martir* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2011).

³² Raymund Arthur Abejo, *Ang Nawaglit na Tahanan: Mga Bagong-Tuklas na Tala Ukol kay Rizal at mga Taga-Kalamba* (Manila: National Archives of the Philippines, 1997).

³³ Navarro at Campomanes, *Mapanuring Pagsasaling Bayan*, 83-149.

³⁴ Axle Christien Tugano, Bantayog ng mga Bayani, A Unique Filipino Monument by Senator Aquilino “Nene” Pimentel: Salin at Anotasyon (di-limbag na manuskrito).

³⁵ Navarro at Campomanes, *Mapanuring Pagsasaling Bayan*, 84.

³⁶ Atoy Navarro, “Mga Akdang Likasyang sa Konteksto ng Pagsusulat ng Makabago at Napapanahong Kasaysayang Pampook sa Pilipinas,” nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre (Diliman, Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan at UP Lipunang Pangkasaysayan, 2012), 33-34.

panahon ng mga *local history* na naisulat malamang sa wikang Ingles, maipapangako ng *mapanuring pagsasaling bayan* ang pagtatawid nito sa pagpapayaman ng *Kasaysayang Pampook*, tulad na lamang ng kasaysayan ng Marikina.

Si Henry Otley Beyer at ang H. Otley Beyer Ethnographic Collection

Si Henry Otley Beyer ay isa sa mga Amerikanong akademiko na nanirahan at nagpakadalubhasa sa larangan ng agham panlipunan sa Pilipinas noong panahon ng kolonyalismo ng Estados Unidos. Bagaman kemistri at heolohiya ang inalar niya sa University of Denver para sa kanyang 'di gradwadong digri at masterado, nang mapadpad siya sa Pilipinas ay nahatak siya sa disiplina ng antropolohiya dahil sa impluwensya ng noo'y pinuno ng Bureau of Education sa arkipelago na si David Barrows (na may doktorado sa antropolohiya). Si Barrows ang nag-atas kay Beyer na magsagawa ng tatlong taong etnograpikal na pag-aaral sa mga Ifugao. Ito ang nagpalalim ng interes ni Beyer sa antropolohiya, na nagbunsod sa kanyang bumalik sa Estados Unidos, upang pormal na mag-aral ng antropolohiya sa Harvard University.³⁷ Noong 1914, itinatag niya ang Departamento ng Antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) at nagsilbi siya rito bilang unang tagapangulo, posisyong inokupa niya sa loob ng 40 taon.³⁸ Samu't saring pangkat etniko sa Pilipinas ang kinasangkutan ni Beyer at ginawan ng mga etnograpikal na pag-aaral tulad ng mga Ifugao, Apayao, Kalinga, Ilokano, Pangasinense, Kapampangan, at iba pa. Bilang pagkilala sa mga ambag niya sa larangan ng antropolohiya, hinirang siya bilang Professor Emeritus ng UP, at nakatanggap din siya ng *honorary doctorate* mula sa iba't ibang institusyon tulad ng Silliman University, Ateneo de Manila University, at UP.³⁹ Sa pangunguna ni Mario Zamora, hinandugan din ng isang *festschrift* si Beyer noong 1967, na may titulong *Studies in Philippine Anthropology (In Honor of H. Otley Beyer)*.⁴⁰ Sa isa pang parangal na publikasyon ay binansagan naman si Beyer na "Dean of Philippine Anthropology."⁴¹

Isa sa mga naging preokupasyon ni Beyer ay ang pangongolekta ng samu't saring mga dokumento ukol sa kulturang Pilipino. Marami ang ibinungang

³⁷ Wilhelm G. Solheim II, "H. Otley Beyer," *Asian Perspectives* 12 (1969), 2-3.

³⁸ Frank Lynch, "Henry Otley Beyer 1883-1966," *Philippine Studies* 15, No. 1 (1967), 4.

³⁹ Mario D. Zamora, "Henry Otley Beyer 1883-1966," *American Anthropology* 76 (1974): 361-362.

⁴⁰ Mario D. Zamora, pat., *Studies in Philippine Anthropology (In Honor of H. Otley Beyer)* (Quezon City: Alemar Phoenix, 1967).

⁴¹ S. V. D. Rudolf Rahmann at Gerturdes R. Ang, mga pat., *Dr. H. Otley Beyer: Dean of Philippine Anthropology (A Commemorative Issue)* (Cebu City: University of San Carlos, 1968).

koleksyon ng ganito niyang preokupasyon. Isa na sa mga ito ay ang H. Otley Beyer Ethnographic Collection (HOBECE), na kasalukuyang nasa pangangalaga ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas (PAP). Bilang bahagi ng proyekto ng PAP na gawing mas aksesibol sa publiko ang mga dokumento nito, isa ang HOBECE sa isinailalim nila sa proseso ng didyitalisasyon. Inimbak nila sa kanilang websayt ang naturang koleksyon, na aksesibol sa sinumang mananaliksik na nais magbasa nito.⁴² Ang HOBECE ay naglalaman ng mga dokumento na nagtatala ng samu't saring impormasyon ukol sa iba't ibang bayan, tulad ng kanilang kasaysayan, kuwentong bayan, kapaniwalaan, kaugalian, industriya, at marami pang iba. Sa kasalukuyan, kinapapalooban ang HOBECE ng mga dokumento na isinulat mula 1830s hanggang 1990s.

Isa ang Marikina sa mga bayan na naging paksa ng mga dokumento ng HOBECE. May limang dokumento ukol sa Marikina na matatagpuan sa HOBECE, na napetsahan mula 1916 hanggang 1927 – (1) *The Shoe-Making Industry of Marikina, Tagalog Paper No. 266* ni Aurelio Estrella noong Oktubre 20, 1916 na binubuo ng 6 pahina; (2) *The Shoe Factories of Marikina* ni Severo Siasoco noong 1916; (3) *A Brief History of the Shoe Industry of Marikina, Tagalog Paper No. 411* ni Cecilio Lopez noong Oktubre 1922 (10 pahina); (4) *Additional Folktales from Marikina, Rizal Province, Tagalog Paper No. 699* noong Hulyo-Setyembre 1927 ni Andres Demetrio (8 pahina) – ito ang napetsahan ng Hulyo 30, Agosto 20, Agosto 29, at Setyembre 15, 1924; at (5) *Report on Customary Laws in the Philippines No. 35, Tagalog Paper No. 626 (Customary Laws in Marikina and Pateros, Rizal)* ni Rosendo de Guzman noong Disyembre 1927 (7 pahina).

Gayunpaman, apat lamang ang aksesibol sa publiko – Estrella, Lopez, Demetrio, at de Guzman. Noong unang inilabas ang HOBECE, nabubuksan pa ang akdang isinulat ni Siasoco ngunit sa kasalukuyang pagsusulat ng mga may-akda, hindi na ito aksesibol sa naturang websayt.

Si Cecilio Lopez, ang Lingguwistang Marikeño

Sa hanay ng apat na manunulat na ito ng mga dokumento, si Cecilio Lopez ang pinakaprominente bilang isang akademiko, kaya naman marami-raming umiiral na batis ukol sa kanya. Mainam na magtala rito ng ilang pangunahing impormasyon ukol sa kanya yamang isang tubong Marikeño si Lopez at tagapagsulong din ng wikang Filipino. Ipinanganak si Lopez noong Pebrero 1,

⁴² National Library of the Philippines, “H. Otley Beyer Ethnographic Collection,” *National Library of the Philippines*, matatagpuan sa <https://bit.ly/3SKohIJ>, inakses noong Oktubre 30, 2022.

1898, sa Marikina, noong ito'y saklaw pa ng lalawigan ng Rizal.⁴³ Nagtapos siya ng B.S. Zoology sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1923, at nagturo bilang instruktur ng Zoology at wikang Pranses sa College of Liberal Arts ng naturang pamantasan, bago tumungo sa Europa para sa kanyang gradwadong pag-aaral.⁴⁴ Noong 1928, nagtapos siya ng Dr. Phil. in Linguistics, minor in Ethnology and Phonetics sa University of Hamburg, Germany. Ang disertasyon ni Lopez sa doktorado niyang ito ay pagkukumpara sa Tagalog at Iloko, na ayon kay Zeus Salazar ay inialay nito kay Otto Dempwolff, isa sa mga unang lingguwistang nagpakadalubhasa sa mga wikang Austronesyano.⁴⁵ Kumuha rin siya ng post-doktoradong pag-aaral sa University of Leiden, Netherlands.

Pagbalik sa Pilipinas, nagturo muli siya bilang propesor sa UP, sa pagkakataong ito, sa ilalim ng Department of Oriental Languages. Nagsilbi siya sa parehong departamento bilang tagapangulo mula 1945 hanggang 1960. Noong 1955 at 1957, hinirang naman siya bilang Dekano ng College of Liberal Arts. Pagkatapos nito, mula 1957 hanggang 1958 ay itinalaga siya bilang tagapangulo ng Division of Humanities. Kaalinsabay ng ganitong mga pananagutan sa loob ng UP, naglingkod siya bilang Secretary at Executive Officer (1937-1945) at bilang Direktor (1954-1955) ng Institute of National Language (INL),⁴⁶ ang ahensya ng pamahalaang may mandatong patatagin ang wikang pambansa. Ayon muli kay Salazar, ang pinakamalaking ambag ni Lopez sa ahensyang ito ay hindi ang pagsisilbi niya bilang opisyal sa mga nabanggit na posisyon, bagkus ay ang pagiging nag-iisa niyang lingguwista na nagbigay ng siyentipikong direksyon sa INL. Naging mahalagang kontribusyon sa INL ang pagkakalimbag ng kanyang *A Manual of the Philippine National Language* noong 1940. Isang prolipikong manunulat si Lopez, na ayon kay Mario Zamora at Kristin Olsen ay nakapaglimbag ng nasa 25 siyentipikong pag-aaral ukol sa mga wika't diyalekto sa Pilipinas.⁴⁷

⁴³ Mario D. Zamora at Kristin J. Olsen, "Cecilio Lopez 1889-1979," *American Anthropologist* 82 (1980): 555.

⁴⁴ "Cecilio Lopez: Curriculum Vitae," matatagpuan sa Juan R. Francisco, pat., *Asian Studies* 1, Special Issue: Lectures in Honour of Dr. Cecilio Lopez (1963): 107.

⁴⁵ Zeus A. Salazar "Dr. Cecilio Lopez (1898-1979), Father of Philippine Linguistics, and Otto Dempwolff's Vergleichende Lautlehre des Austronesischen Wortschatzes (Comparative Phonetics of the Austronesian Vocabulary)," paper presentation in the conference *Intellectuals in Intercontinental Conversations*, organized by European Association for Southeast Asian Studies, 2022.

⁴⁶ "Cecilio Lopez: Curriculum Vitae," 107.

⁴⁷ Zamora at Olsen, "Cecilio Lopez 1889-1979," 555.

Dahil sa malaking ambag niya sa larangan ng lingguwistiks sa bansa, samu't saring parangal ang iginawad sa kanya. Marami ang nagtuturing sa kanya bilang "Father of Philippine Linguistics," yamang siya ang unang propesyunal na lingguwista sa bansa.⁴⁸ Noong Pebrero 1, 1963, hinirang siya ng UP bilang Professor Emeritus ng Lingguwistiks.⁴⁹ Sa parehong taon, naglimbag ang Institute of Asian Studies ng isang espesyal na isyu ng dyornal na *Asian Studies*, na koleksyon ng mga lektura bilang parangal kay Lopez.⁵⁰ Noon namang 1973, naglunsad ng isang *festschrift* para kay Lopez ang Linguistic Society of the Philippines, na pinatnugutan ni Andrew Gonzales.⁵¹ Sinundan ito ng paglalathala ng koleksyon ng mga sanaysay ni Lopez, na pinamatnugutan ng isa pang dakilang Pilipinong lingguwista, si Ernesto Constantino.⁵² Noong 1975 naman, naging paksa rin si Lopez ng isang tesis masterado sa UP. Isinulat ni Pamela Cruz para sa digring masterado sa lingguwistiks, pinamagatan itong "Ang Kilusan para sa Wikang Pambansa ng Pilipinas at si Dr. Cecilio Lopez."⁵³ Sa isang sampaksa na inorganisa ng European Association for Southeast Asian Studies nito lamang 2022, pinaksa rin si Lopez ni Salazar, kung saan tinalakay niya ang ambag ni Lopez sa problematisasyon ng wikang pambansa, kaugnay ng impluwensya kay Lopez ng guro nitong si Otto Dempwolff.

Ang mahalagang ambag ni Lopez bilang isang lingguwistang lumaki sa Marikina (at nagsulat ng dokumento sa HOBEC ukol sa kasaysayan ng industriya ng sapatos sa Marikina) ang dahilan kung bakit sinambit isang beses ni Salazar na kung tutuusin, maaaring magtatag ng isang grupo ng mga

⁴⁸ Salazar, "Dr. Cecilio Lopez (1898-1979), Father of Philippine Linguistics..."

⁴⁹ Jay Israel B. De Leon, "Si Ernesto Constantino at ang Wikang Filipino: Intelektuwal na Talambuhay ng Isang Haligi ng Lingguwistika at Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas," *Malay* 33, blg. 1 (December 2020): 1-21.

⁵⁰ Juan R. Francisco, pat., *Asian Studies* 1, Special Issue: Lectures in Honour of Dr. Cecilio Lopez (1963).

⁵¹ Andrew B. Gonzales, pat., *Parangal kay Cecilio Lopez: Essays in Honor of Cecilio Lopez on His Seventy-Fifth Birthday*, Philippine Journal of Linguistics, Special Monograph Issue No. 4 (Quezon City: Linguistic Society of the Philippines, 1973).

⁵² Ernesto Andres Constantino, pat., *Selected Writings of Cecilio Lopez in Philippine Linguistics* (Quezon City: Archives of Philippine Languages and Dialects, Philippine Linguistics Circle, University of the Philippines, 1977).

⁵³ Pamela D. Cruz, Ang Kilusan para sa Wikang Pambansa ng Pilipinas at si Dr. Cecilio Lopez, (Tesis, Master sa Arte [Lingguwistiks], Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City, 1975). Matatagpuan ang abstrak ng tesis na ito sa Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, *Anotasyon ng mga Tesis at Disertasyon sa Filipino* (Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2018), 368.

akademikong nakatutok sa pag-aaral ng Marikina, na puwedeng pangalanang “Aralang Grupo Cecilio Lopez.”⁵⁴

Ambag sa Araling Marikina

Kaalinsabay ng pag-aambag sa tradisyon ng pagsasalin sa akademyang Pilipino, partikular sa agos-intelektuwal ng Bagong Kasaysayan, layunin din ng salin at anotasyong itong lumahok sa pagpapalago ng Araling Marikina. Kung tutuusin, dumarami na rin naman na ang akademikong publikasyon ukol sa Marikina. Gayunman, karamihan dito ay nasa wikang Ingles. Hindi ito nakapagtataka, dahil marami naman talaga sa mga lokal na kasaysayan at lokal na araling pang- erya sa bansa ay nagsimula rin sa pamamagitan ng paglilimbag ng mga pag-aaral sa wikang Ingles, bunga ng namamayaning kolonyal na sistemang pang-edukasyon.

Sa isang manuskrito ng isa sa mga may-akda,⁵⁵ isinagawa ang pagtipon sa 100 piling pag- aaral ukol sa Marikina, na kinabibilangan ng mga artikulo sa mga dyornal, tesis/disertasyon, at kabanata sa mga aklat. Samu’t sari ang pinapaksa ng 100 pag-aaral na ito: 19 ukol sa sakuna, 17 ukol sa sapatos, 15 ukol sa pamamahala, 10 ukol sa ekonomiya, 7 ukol sa edukasyon, 6 ukol sa kalikasan, 5 ukol sa kalinangan, 5 ukol sa relihiyon, 4 ukol sa kasaysayan, 4 ukol sa wika, 4 ukol sa kalusugan, at 4 ukol sa sikolohiya. Sa lahat ng 100 pag-aaral na ito, 12 lamang ang nakasulat sa Filipino, at 88 ang nasa wikang Ingles. Kapag siniyasat ang paksa at dulong ng mga pag-aaral na ito, lilitaw na dinodolina ng agham pangkalikasan at aplikadong agham (*applied science*) ang mga publikasyon sa Ingles, habang agham panlipunan naman ang kadalasang paksa at dulong ng mga nakasulat sa wikang Filipino.

Ang sitwasyong ito ang isa sa dahilan kung bakit kailangang paigtingin ang pagsasa- Filipino ng pag-aaral sa Marikina. Sa harap ng mas namamayagpag na *Marikina Studies* (na may pangkaming pananaw, nasa wikang Ingles, at nakapailalim sa *Philippine Studies*), kailangang isulong ang pagbubuo ng Araling Marikina (na may pantayong pananaw, nasa wikang Filipino, at nakapailalim sa Pilipinolohiya/Araling Pilipino). Samu’t sari ang maaaring maging hakbang

⁵⁴Personal communication kay Zeus A. Salazar, Bahay Escaler, Loyola Heights, Quezon City, 2022. Ani pa Salazar, nakagawian sa Europa ang ganitong pagbuo ng mga aralang grupo na ipinapangalan sa mga tanyag na pantas na nag-ambag sa larangang tinutukan ng aralang grupo.


⁵⁵ Mark Joseph P. Santos, “Araling Marikina: Kalikasan, Kasaklawan, Tunguhin, at Bibliograpiya,” nasa *Araling Marikina: Mga Sanaysay*, mga pat., Axle Christien J. Tugano at Mark Joseph P. Santos (Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, forthcoming).

tungo sa pagpapalago ng Araling Marikina. Nariyan ang pagsulat ng orihinal na mga artikulo sa mga akademikong dyornal, paglilimbag ng mga antolohiya ng mga sanaysay ukol sa Marikina sa anyo ng mga aklat, paglulunsad ng serye ng mga monograp, at pagpapasinaya ng mga sampaksaan. Liban sa mga ito, isa pang makapagpapaunlad sa Araling Marikina ang gawain ng pagsasalin. Maaaring magsalin sa Filipino ng mahahalagang tesis/disertasyon ukol sa Marikina na nasa Ingles, o ng mga artikulo/kabanata sa mga dyornal/aklat.

Gayundin, isa pang makabuluhang gawain ang pagsasalin ng mga dokumento ukol sa Marikina bilang mga primaryang batis. Makatutulong ito upang mas maging aksesibol ang mga dokumento sa mga interesadong mananaliksik. Magiging mas aksesibol na ito sa antas ng wika (dahil naisalin sa Filipino mula sa orihinal na Ingles o Español), magiging mas aksesibol pa mula sa mga sinupan tungo sa mga dyornal o antolohiyang aklat. Sa pamamagitan din nito, hindi lang mga pananaliksik sa Araling Marikina ang maisasa-Filipino, kundi pati na ang mga batis na magagamit para rito. Sa partikular na aspektong ito nais na mag-ambag ng kasalukuyang proyektong pagsasalin at paglalapat ng anotasyon sa mga dokumento ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection ukol sa Marikina.

Makikita sa susunod na pahina ang isang payak na dayagram na nagbubuod sa balangkas-pangkaisipan ng kasalukuyang proyektong pagsasalin at anotasyon:

Dayagram 1
Pagpapaunlad ng Araling Marikina sa Pamamagitan ng Mapanuring
Pagsasaling Bayan



Tulad ng nabanggit na sa itaas, maraming paraan upang mapaunlad ang Araling Marikina. Maaari itong mapalago sa pamamagitan ng paglilimbag ng

orihinal na mga publikasyon ukol sa Marikina na nasa wikang Filipino (sa anyo man ng mga tesis/disertasyon, aklat, kabanata sa mga antolohiya, artikulo sa mga dyornal, atbp.). Ngunit bukod rito, maaari ring mag-ambag tungo sa pagpapaunlad ng Araling Marikina ang pagsasalin ng mga batis at akda na nasa wikang banyaga, tulad ng Ingles. Sa pamamagitan ng mapanuring pagsasaling bayan nina Navarro at Campomanes (na sumasalok sa mayamang tradisyong pagsasalin ng Bagong Kasaysayan), maitatawid ang mga kaalaman mula sa *Marikina Studies* (na nakapaloob sa *Philippine Studies*) tungo sa Araling Marikina (na nakapailalim sa mas malawak na Pilipinolohiya/Araling Pilipino). Nais simulan ng mga may-akda ang gawaing inilalarawan sa dayagram sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga dokumento ukol sa Marikina na matatagpuan sa H. Otley Beyer Ethnographic Collection (HOBEC). Ngunit ang pagsasalin at paglalapat ng anotasyon sa mga dokumento ng HOBEC ay pagsisimula pa lamang ng paggamit sa mapanuring pagsasaling bayan para sa paglago ng Araling Marikina, dahil napakarami pang mga dokumento/batis at mga akda ukol sa Marikina na maaari pang isalin sa hinaharap.

Salin at Anotasyon sa Apat na Dokumento ng HOBEC ukol sa Marikina

Tagalog Paper No. 266

ANG INDUSTRIYA NG PAGGAWA NG SAPATOS NG MARIKINA

ni Aurelio Estrella

Klasipikasyon:

1. TAGALOG: Marikina, Probinsya ng Rizal, Luzon
2. Buhay pang-ekonomiya: Manupaktyur; Paggawa ng sapatos; Komersyo; Pangkalahatang datos

Maynila

Oktubre 20, 1916

ANTROPOLOHIYA I.

KUNG PAANO NAIPAKILALA AT NAPAUNLAD ANG PANGUNAHING INDUSTRIYA NG MARIKINA

ni Aurelio Estrella

Kung huhusgahan mula sa pangkasaysayan at antropolohikal na pag-unlad ng bayan ng Marikina, ang industriya ng paggawa ng sapatos ang may pinakamahalagang papel na ginampanan. Ang katotohanang ang Pilipinas ay isang bansang agrikultural at ang kawalan ng mga elemento na kinakailangan para sa isang matagumpay na industriya ng pagmamanupaktyur ay hinding hindi magiging mahalagang industriya ang pagmamanupaktyur sa kapuluan. Ipinapakita ng mga tala na sa tuwing nabibigo ng industriya ng pagsasaka ang isang komunidad, binubuhay ng mga tao sa komunidad na iyon ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng paglahok sa pamamalayok, paggawa ng sombrero, at paghahabi ng mga tela. Ang tagtuyot noong 1910 at 1911, na nagbunga ng pagkasira ng mga pananim sa Masbate, Samar, at iba pang kalapit na pulo, ay ang siya ring nagdulot ng pagpapakilala ng industriya ng paghahabi sa mga rehiyong iyon.⁵⁶ Ang industriya ng paghahabi ng tela ay madaling

⁵⁶ Pinalawig ni Abejo ang konsepto ng *calamidades publicas* na kanyang inilapat sa Kasaysayang Pangkapaligiran ng Samar noong dantaon 19. Aniya, ang *calamidad publica* ay tumutukoy sa pagkamatay ng maramihang mamamayan ng isang distrito o rehiyon dulot ng iba't ibang kalamidad. Sa talang pangkasaysayan, natural na daanan ng bagyo ang Samar. Tingnan halimbawa ang kasaysayan ng mga bagyong sumalanta sa kapuluan noong Disyembre 12-13, 1842; Abril 23-24,

paunlarin sa mga naturang lugar dahil madaling mapalago ang hibla ng mga abaka (*hemp fiber*) doon.⁵⁷ Subalit ang pagpapakilala at pagpapaunlad ng

1843; at Mayo 12-13, 1893 sa mga pueblo katulad ng Jiabong, Paranas, Tarangnan, Calbayog, Sto. Niño, Weyler, Oras, Sta. Margarita, Lavezares, Capul, Bobon, Laoang, Borongan, Oquendo, Gandara, La Granja, Catarman, at Catbalogan. Raymund Arthur Abejo, "Mga Kalamidad at ang Rebelyong Dios-Dios sa Samar noong Dantaon 19," *Philippine Social Sciences Review* 57, blg. 1-4 (2005): 118, 121-123. Gayunpaman, higit na mapaminsala ang tagtuyot para sa rehiyong ito. Lumaganap noon sa ilang bahagi ng Luzon at Kabisayaan ang pananalanta ng pesteng balang. Ang balang o locust (*Locusta migratoria*) ay isang uri ng insektong kumakain sa dahon at tanim sa sakahan at kalauna'y maghahatid ng malawakang kagutuman sa buong mamamayan. Bago pumasok ang dantaon 20, nakapagtala ng tagtuyot at pamemeste ng balang sa Samar noong 1855-1858 at 1884-1888 (Abejo, "Mga Kalamidad at ang Rebelyong Dios-Dios," 123). Dahil sa balang, nakapagdulot din ito ng kakulangan sa bigas. Ayon sa tala, noong 1569 unang nakapagtala ng kaso ng balang sa Isla ng Panay. Tingnan, Ma. Florina Orillos-Juan, "Isang Sulyap sa Pananalanta ng Pesteng Balang sa Lalawigan ng Pampanga sa Huling Hati ng Dantaon 19," nasa *Kasaysayang Pam-pook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat., Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre (Diliman, Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 2012), 212. Ang Panay ay isang isla na malapit sa Masbate at Samar pasilangan.

Para sa Masbate, tingnan, Greg Bankoff, "Storms of History: Water, Hazard, and Society in the Philippines, 1565-1930," nasa *A World of Water: Rain, Rivers, and Seas in Southeast Asian Histories*, pat., Peter Boomgaard (Brill, 2007), 162-163, n. 14. Bahagyang maituturo sa mga Español ang ilang dahilan ng kagutuman at kahirapan ng isla. Liban sa pagmimina ng ginto, kinalbo rin ng mga kolonisador ang puno ng kagubatan mula noong dekada 1870. Ito ang dahilan kung bakit naging malawak na *cogonales* (cogohan) ang dating kagubatan ng Masbate. Gayunpaman, ang paglitaw ng mga cogon ay senyales na sisimulan ng mga Masbateño ang industriya ng bakahan. Tingnan, Renato Pelorina, "Espasyo at Pook-Pangayawan: Pagsasakasaysayan at Pagsusuri sa Masbate Bilang Tagpuan ng mga Etnolingguwistikong Grupo (1837-1939)," nasa *Pangangayaw: Ang Pangangibang-Bayan at Paghahanap ng Ginharwa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat. Vicente Villan at Kristoffer Esquejo, 147-184 (Manila: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., at National Commission for Culture and the Arts, 2021), 162-163. Sa mga taong binanggit ni Estrella tungkol sa tagtuyot sa Masbate ay bahagyang tumataliwas kay Pelorina na nagsasabing noong 1908 hanggang 1923, nandarayuhan ang mga Bisayang mula sa Cebu at Bohol patungo sa Masbate para humanap ng lupang sakahan (Pelorina, "Espasyo at Pook-Pangayawan," 167). Posibleng tingnan ang pagkakadawit ni Estrella sa Masbate sa usapin ng Marikina. Bago ang industriya ng sapatos, sakahan at pastulan din ang Marikina. Kilala ang Masbate (at Ticao), kasama ang Lubang, Mindoro at Iloilo sa ilang lalawigang tagapagtustos ng karneng baka at buhay na baka sa Kamaynilaan. Daniel Doeppers, *Feeding Manila in Peace and War, 1850-1945* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2016), 215, 220. Tingnan ang lipunang Marikeño na noo'y naglalako ng mga hinabing materyales na kanilang isinasakay sa karuwaheng hinihila ng mga baka.

Sa usapin naman ng paghahabi na binabanggit ni Estrella, mas posibleng laganap pa sa Samar kaysa Masbate ang industriya ng paghahabi. Laganap halimbawa sa Basey, Samar ang paghahabi ng banig o *petates*. Tingnan, Antonio Escoda, "The Mat Industry of Basey, Samar (Philippines)," *Folklore Studies* 12 (1953): 120-121. Ayon kay Lobrigo, sa Kabikolan, ang lahat ng lalawigan, liban sa Masbate ay aktibong tagamanupaktyur ng hinabing abaka. Cf. Manuel Lobrigo, *The Fate of Bicol* (Philippines): Abaca Handicraft Industry in the Global Market (Tesis, Department of Social and Economics Sciences, Karl Franzens University, 2008), 11. Mas higit na talamak ang industriya ng pagpapalayok (*pottery*) sa Masbate.

⁵⁷ Pagdating sa industriya, maliban ang Masbate. Lobrigo, *The Fate of Bicol*, 11.

industriya ng paggawa ng sapatos sa anumang lugar sa kapuluan ay hindi pangkaraniwan o hindi likas na proseso. Noong unang panahon, mayroon lamang pagsasaka ang bayan ng Marikina bilang nag-iisang industriya.⁵⁸ Ngunit ang halos taun-taong pag-apaw ng Ilog Marikina, at ang paulit-ulit na pamemeste ng mga balang ay nagbigay-daan upang humanap ang mga tao ng ibang industriya liban sa pagsasaka.⁵⁹ At kung paano naitatag ang industriya ng paggawa ng sapatos, narito ang kuwento:

⁵⁸ Bago at sa panahon ng pagdating mga Español, pagsasaka na ang kabuhayan ng mga katutubong Marikeño. Ayon kay Cecilio Lopez, ang Marikina ay nakalatag sa luntiang kabukiran at lambak-ilog na talagang nakapukaw ng atensiyon sa mga Español upang tirhan ang munting pamayanan. Tingnan, Cecilio Lopez, *Origins of Marikina* (Marikina City: Marikina Historical Society, w.tn.), 48. Ngunit sa pagdating ng mga Español, lalo na sa pamumuno ni Miguel Lopez de Legaspi, sumailalim sa sistemang *encomienda* at Doktrinang Regalian ang mga katutubong Pilipino. Dinala ng mga Español sa Pilipinas ang sistema ng pagbibigay ng lupa sa mga katiwala at tapat o 'di kaya'y ng mga malaki ang ginampanang papel sa kolonisasyon at ebanghelisasyon. Tingnan bilang halimbawa si Don Jose Emiterio Guevara I, ama ni Kapitan Moy. Si Don Jose ay *sacristan mayor* ng kura paroko ng Binondo at pinangakuan siyang bibigyan ng lupa sa pagbabalik ng pari sa Pilipinas galing España. Tinatawag na *arinda* ang ipinagkaloob na lupa kay Don Jose o isang uri ng lupang paupahan na binabayaran at binubuwisan ng mga Marikeño batay sa itinakda ng *mitra*. Cf. Aurora de Vera Tirad, Ang Angkan at ang Kanyang Bansag: Pagtugaygay sa Isang Aspekto ng Kasaysayang Kultural ng Marikina (Tesis sa Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, 2007), 125. Ang *arinda* na tinutukoy dito ay lupang sakahang maitutumbas sa *encomienda de eclesiástica* dahil ipinagkaloob ito ng relihiyoso samantalang ang *mitra* ay tumutumbas naman sa *encomienda de particulares* o isang pribadong lupain na ibinibigay bilang regalo; mula ang lahat ng ito sa *encomienda de la real corona* o *realengas* na lupaing nakalaan sa Hari ng España at hindi maaaring basta- basta ibenta o ibigay, ngunit may ilang nakapagbebenta pa rin sa pamamagitan ng subastahan. Ang sistemang panlupa ng mga Español ay itinadhana ng *Recopilacion de leyes de Reynos de las Indias*. Tingnan, Axle Christien Tugano, "Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy (1851-1891) sa Konteksto ng Kasaysayang Mariqueño," *Hasaan Journal* 6, blg. 1 (2020): 61-62. Para sa malawak na pagpapaliwanag ukol sa *encomienda*, tingnan, Luciano Santiago, "The Filipino Indios Encomenderos (ca. 1620-1711)," *Philippine Quarterly of Culture and Society* 18, blg. 3 (1990): 162-184.

Ang kombersyon ng lupang sakahan ng Marikina tungong *encomienda* ay masususugan ng ilang primaryang batis, kung saan ang mga dating lupang sakahan ay sumailalim sa kapangyarihan ng mga orden. Tingnan, Juan Francisco de San Antonio, "The Religious Estate in the Philippines," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII*, mga pat. at tagasalin Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1738), 135; Pedro Murillo Velarde, "Jesuit Missions in the Seventeenth Century," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLIV*, mga pat. at tagasalin Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1749), 105; Manuel Buzeta at Felipe Bravo, "The Ecclesiastical System in the Philippines," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII*, mga pat. at tagasalin Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1850), 267.

⁵⁹ Hinggil sa mga pagbaha, may ilang talang pangkasaysayan ang maaaring mabasa. Sa tuwing sasapit ang tag-init, dinarayo ang Marikina ng mga paring Español upang paliguan. Tumitira noon ang mga paring Español sa ilang bahagyang mataas na lupa kumpara sa Marikina upang iwasan ang pagbaha. Tingnan, Gaspar de San Agustin, "Letter on the Filipinos," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XL*, mga pat. at tagasalin Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1720), 219. Halimbawa nito ang San

Isang araw sa taong “labingwalong daan at walumpu’t lima,”⁶⁰ may isang kapitan munisipal⁶¹ ng Marikina, na nagngangalang Manuel Guevara,⁶² na

Matheo (San Mateo, Rizal ngayon). Humiwalay ang Marikina bilang nagsasariling parokya sa Pasig noong Marso 16, 1688 sa pangunguna ni Gobernador Gabriel de Curucelaegui at kung saan si Padre Jose del Valle ang unang ministro ng parokya. Tingnan, Casimiro Diaz, “The Augustinians in the Philippines, 1670-1684,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLII*, mga pat. at tagasalin Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1718), 265-266; Walang may-akda, “Events in the Filipinas, 1686-88,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXXIX*, mga pat. at tagasalin Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, w.tn.), 133-134; Joaquin Martinez de Zuñiga, *Historia de Filipinas* (Manila: Fr. Pedro Argueles, 1803), 384.

Nang mapunta sa mga Heswita ang Marikina, pinatayuan nila ito ng *visita* sa mismong pampang ng ilog sapagkat ayon sa kuwentong bayan, dito raw nakita ang aparisyon ng mukha ni Hesukristo, kaya’t kalauna’y tinawag itong “Jesus ng Bato” o Jesus dela Peña. Tingnan, Armando Cuneta, pat. *Aklat Kasaysayan ng Kamaynilaan* (Manila: KASAFI-MM, 1997), 133. At dahil binabaha ang *visita* ng ilang beses, inalis ito sa kasalukuyang kinalalagyan at sa halip ay ginawa na lamang kamalig at triguhan. Isang patunay na nakasalalay pa rin sa pagsasaka ang kabuhayan sa Marikina. Ang dating *visita* ay inilipat at kalauna’y magiging Simbahan ng San Roque o Nuestra Señora delos Desamparados (Ina ng mga Walang Mag-ampon) noong 1572. Sa pagkakabuo ng *visita* na naging simbahan, lilitaw kalaunan ang mga matandang pamayanan ng Barangka, Tañong, at Jesus dela Peña (Tugano, *Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy*, 63-64). Tingnan din ang naging dahilan ni Don Jose Guevara I kung bakit siya lumipat mula Santolan, Pasig tungo sa kinalalagyan ng kanyang bahay sa Sta. Elena ay dahil sinira ng bagyo at pagbaha ang kanilang bahay at negosyo (Tirad, Ang Angkan at ang Kanyang Bansag, 126). Gayunpaman, binabaha rin naman (sa ngayon) ang Barangay Sta. Elena. Para sa karagdagang babasahin para sa pagbaha sa Marikina, tingnan, Axle Christien Tugano, Isang Dekada ng Pagkatakot, Panaghoy, at Pagkamatatag: Pananaw at Naratibo ng mga Biktima ng Bahang Idinulot ng Bagyong *Ondoy* (2009) sa Lunsod ng Marikina (‘di-limbag na manuskrito, 2022), 24 pahina.

⁶⁰1887 sa ibang tala. Taong 1887, nagawa ang unang pares ng sapatos sa Marikina. Sa panahon ding ito, nakagawa ang mga sapatero ng sandalias, *buitos* o sapatos pambabae, *media entrada*, at *tuscanas* o sapatos ng mga prayle. Tingnan, Fernando Bernardo, “Laureano Guevara,” nasa *Gems of Philippine History: Inspiring Lives of 150 Great Filipinos* (Laguna: FABEN Associates, 2011), 269; National Historical Institute of the Philippines, *Filipinos in History, Vol. 3* (Manila: National Historical Institute of the Philippines, 1992), 115; Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 79.

⁶¹Sa bisa ng Batas Maura noong 1893, ipinagtibay ng pamahalaang kolonyal ang pagbibigay ng oportunidad sa mga katutubong Pilipino upang lumahok sa usaping pampulitika at magkaroon ng posisyon sa lokal na pamahalaan. Dahil sa Batas Maura, ang katawagang *gobernadorcillo* bilang pinuno ng isang *pueblo* (bayan) ay tatawagin nang *capitán municipal*. Tingnan, Leslie Bundgaard, “Philippine Local Government,” *The Journal of Politics* 19, blg. 2 (1957): 263.

⁶²Bukod tangi ang akdang ito ni Estrella na nagbanggit sa pangalang “Manuel Guevara.” Si Laureano Guevara o mas kilala bilang “Kapitan Moy” ang sinasabi sa maraming tala na tumungo sa Escolta upang bumili ng sapatos na siyang gagawing padron. Sa nakalap na impormasyon hinggil sa talaangkanan ng mga Guevara, wala ritong “Manuel.” Liban na lamang kay “Manuel Zarcad,” pamangkin at inampong anak ni Heriverto Zarcad. Napangasawa ni Manuel si Peregrina Guevara (ikatlong asawa) na posibleng kapatid ni Laureano Guevara. Gayunpaman, nagagarantiyang magkaugnay sina Laureano at Peregrina. Tingnan ang siniping panayam ni Tugano kay Jose Victor Torres noong 2020, Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 65-66, n. 10.

tumungo sa Maynila at bumili ng isang pares ng sapatos at isang pares ng *paragoons* para sa sapatos mula sa Escolta. Nang makauwi sa bahay, kumuha siya ng kutsilyo, hiniwa ang mga hibla na nag-uugnay sa mga bahagi ng sapatos, at inihiwalay ang mga bahagi mula sa kanilang orihinal na kinalalagyan. Matapos paghiwa-hiwalayin ang mga bahagi, inilagay niya ang mga ito sa papel at gumuhit siya ng linya sa gilid ng mga piraso, upang magawa ang mga pigura na may saktong sukat at hulma ng inihiwalay na mga piraso. Pagkatapos ay ginupit niya ang mga pigura mula sa papel at nalikha ang saktong reproduksyon ng iba't ibang bahagi ng sapatos. Nagsilbing padron ang mga ginupit na pirasong ito ng papel. Sa paggawa ng mga padron sa papel, pumutol siya ng mga piraso mula sa *canvas* para sa panlabas na bahagi ng mga sapatos. Pagkatapos, pinagsama-sama niya ang mga piraso sa pamamagitan ng pagtahi sa mga ito sa isang makinang panahi, at ang itaas na bahagi ng sapatos ay natapos. Sunod ay gumupit siya ng mga piraso ng *card-board* na katulad sa padron ng ibabang mga bahagi ng sapatos. Ang natapos na itaas na bahagi ng sapatos ay ipinatong sa pares ng kahoy na *paragoons*, na idinikit sa *card-boards* sa ilalim ng *paragoon* sa pamamagitan ng pagtahi rito gamit ang kamay. Ang sapatos na sinira niya ay nagsilbing gabay sa pagdudugtong- dugtong niya ng lahat ng bahagi ng sapatos. At makalipas ang ilang oras ay natapos na (bagaman bahagyang bara-bara ang pagkakagawa) ang kauna-unahang sapatos na gawang Marikina. Naisip ng bagitong sapatero na mapaiinam niya ang sapatos. Sinubukan niyang gumawa ng isang bagong pares, at naging mas maganda ito.

Nabuhayan ng loob dahil sa kanyang tagumpay, bumili si Manuel Guevara ng isang piraso ng balat ng hayop⁶³ para sa ibabang bahagi ng sapatos, at ng isang *hide* para sa itaas na bahagi ng sapatos. Bumili rin siya ng tatlong pares ng *paragoons* na may magkakaibang sukat at istilo. Pagkatapos ay sinubukan niya ang luma niyang pamamaraan sa pag-aasikaso ng *hide* at balat, at pagkatapos ng ilang pagpapagal ay naging matagumpay siya. Pagkatapos, buong kagalakang ipinakita ng kapitan ang sarili niyang gawang sapatos sa kanyang mga kaibigan,⁶⁴ na natuwa naman sa dunong ng kapitan munisipal. Kaya bumili siya at ang kanyang mga kaibigan ng ilang balat at *hide*, at pinagtrabaho nila ang kanilang mga katulong at iba pang tao sa paggawa ng sapatos sa pamamagitan ng kanilang panuto. Matapos mabuo ang ilang pares

⁶³ Kadalasan ay balat ng kalabaw ang ginagamit.

⁶⁴ Kung si Kapitan Moy ang nais tukuyin dito ni Estrella, ang mga kaibigang binabanggit niya rito ay ang mag-amang Blas at Tiburcio Eustaquio, mga nagmungkahi kay Guevara na pumunta ng Maynila upang bumili ng sapatos; si Gervacio Carlos, ang gumawa ng entrada ng sapatos; Ambrosio Sta. Ines, siyang tumahi ng suwelang ng sapatos; at Pedro Jacoba (sa ibang tala ay Pedro Torres), unang nagtakong sa sapatos. Tingnan, Tugano, "Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy," 77-78.

ng sapatos, binenta nila ito sa Maynila sa presyong sapat lang upang mabawi nila ang ginastos sa mga materyales. Pagkatapos na mapainam ang mga pamamaraan sa pagmamamanupaktyur, napagtanto nila na maaari silang kumita ng malaki mula rito. Kaya naman, nagpatuloy sila sa bultuhang paggawa ng mga ito, at maraming tao ang pumasok dito upang magtrabaho.⁶⁵ Dahil dito, ang kapitan munisipal ang nagmay-ari ng kauna-unahang pagawaan ng sapatos sa bayan.⁶⁶ Matapos ang maiksing panahon ay uminam ang kalidad ng sapatos, at ang mga negosyante mula sa Maynila ay nag-alok ng makatwirang mga presyo para rito. Yamang ang mga sapatos na ito ay ipinagbibili sa mas mababang halaga kaysa mga sapatos na ibinebenta sa Escolta, ang pangangailangan para rito ay mas mataas. Kaya naman sinubukan ng mga Marikeño na punan ang pangangailangang ito.

Sa panahong iyon, pagsasaka ang pangunahing industriya ng Marikina; ngunit dahil tumaas ang pangangailangan para sa sapatos, naging interesado ang mga tao sa paggawa ng sapatos. Natutuhan ng mga babae kung papaano gawin ang mga itaas na bahagi ng sapatos, habang pinag-aralan naman ng mga lalaki kung paano pagdikitin ang itaas at ibabang mga bahagi. Natuklasan ng mga tao na mas malaki ang kinikita sa paggawa ng sapatos at mas kaunting enerhiya lamang ng katawan ang kinakailangan dito kung ikukumpara sa pagsasaka; kaya sa loob lamang ng maiksing panahon, nahigitan na ng industriya ng paggawa ng sapatos ang industriya ng pagsasaka. Matapos lamang ang maiksing panahon ng dalawang taon, maraming tao ang nagpatayo ng kanilang sariling maliit na pagawaan⁶⁷ dulot ng dalawang kadahilanan: ang magandang kita mula sa industriya, at ikalawa, ang pagtaas ng pangangailangan para rito. Sa kasalukuyan, mayroon nang nasa isang daang maliliit na pagawaan

⁶⁵ Kabilang sa mga pumasok bilang sapatero sa pagawaan ni Guevara ay sina Crispin Santos at Eduardo Victorino. Tingnan, E. Arsenio Manuel, *Dictionary of Philippine Biography, Volume 1* (Quezon City: Filipiniana Publications, 1955), 222. Sa panahon ng kamatayan ni Guevara, may 15 na pagawaan ng sapatos ang naitayo sa Marikina na dumaan sa kanyang pagtuturo. Tingnan, Bernardo, *Gems of Philippine History*, 270.

⁶⁶ Ayon sa ibang tala, bago pa man matuklasan ni Guevara ang paggawa ng sapatos at nagtagumpay sa ganitong uri ng kabuhayan, marami na ring negosyante ang mas naunang pumasok kaysa kanya. Tingnan, Isayas Salonga, pat. "Rizal Province Directory, History, Government and General Information with the Full Text of the Philippine Independence Law," nasa *The United States and Its Territories 1870-1925, The Age of Imperialism, 1934*, sipi kay Ma. Concepcion Rapisora-Lagos, *Sapatero in Marikina City: Enacting Economies in the Philippines' Footwear Capital* (Disertasyon sa Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, 2018), 81.

⁶⁷ Ayon kay Nick Joaquin, makikita sa bawat *silong* ng tahanan Marikeño ang pagawaan ng sandalyas at sapatos. Cf. Nick Joaquin, *Manila, My Manila: A History for the Young* (Manila: Vera-Reyes, 1990), 140.

sa Marikina.⁶⁸ Ang kadalasang dami ng mga manggagawa sa bawat pagawaan ay “dalawampu.” Ang tinatayang buwanang kita ng bawat negosyante ay nasa “pitumpung” piso.⁶⁹ Tumaas din ang bilang ng mga manggagawa dahil sa magandang kita na natatanggap nila. Ang kadalasang lingguhang kita ng isang babaeng sapatero ay nasa walong piso at sa mga lalaki naman ay sampung piso.

Ngunit makalipas ang apat na taon, ang industriya ay humina – hindi lang nito pinababa ang pangangailangan, bagkus ay pinababa rin ang kita ng mga negosyante at suweldo ng mga manggagawa, ito ay dahil lamang sa pagiging makasarili ng ilang negosyante – dahil sa pagpapapasok ng mga manggagawa na hindi pa gaanong nahahasa sa industriya, dahil sa paggamit ng mabababang uri na materyales, at minsan dahil sa pagbebenta ng labingtatlong pares ng sapatos kapalit ng labingdalawa, kaya naman nag-aalok ang mga negosyante ng mas mababang halaga, at bunga nito, nagsasara minsan ang mga pagawaan, at ang kita ng mga manggagawa ay bumababa. Upang malutas ang suliranin, kailangan ng mga negosyante na magpasok ng mga bihasang manggagawa sa kanilang mga pagawaan, gumamit ng magagandang uri ng materyales, at magkaroon ng iisang presyo ng mga ipinagbibili nilang sapatos. Sa kasalukuyan, isa sa bawat tatlong babae at isa sa bawat dalawang lalaking nananahan sa bayan ang sapatero. Dulot ng panandaliang paghina ng industriya ng sapatos, ang mga babae at ilang lalaki ay pumasok sa industriya ng pananahi, na sa kasalukuyan ay ang ikalawang pangunahing industriya sa Marikina, sumunod sa paggawa ng sapatos.

Tuwing Sabado, dinadala ng mga may-ari ng mga pagawaan ang mga nalikha nilang sapatos sa Maynila at ipinagbibili ito sa mga Tsino sa Calle Gandara at

⁶⁸ Kung 1916 ito isinulat ni Estrella, panahon ito ng pananakop ng mga Amerikano sa bansa at umunlad pa lalo ang industriya ng sapatos sa Marikina sa susunod pang mga taon. Mas napaigting ang paggawa ng mga sapatos sa panahon ng mga Amerikano (Joaquin, *Manila, My Manila*, 68). Sa panahon naman ng Komonwelt noong 1935 o halos dalawang dekada ang nakalilipas, mula sa 100 pagawaan na binabanggit ni Estrella, naging 139 na ito. Nakalinang ng 260,078 na pares ng sapatos pambabae samantalang 86,692 naman para sa kalalakihan at tinatayang nasa 762,896 ang kabuuang kita ng mga Marikeño sa nasabing panahon (Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 82-83).

⁶⁹ Ginamit muli sa panahong ito ang piso. Sa panahon ng mga Español, lalo na noong 1852 at mangilan-ngilan hanggang sa Ikatlong Republika (1945), gumagamit pa rin ang Pilipinas ng Spanish peso o Mexican peso. Ang peso noon ay pinalitan ng *peseta* = 100 sentimos o 4 reales. Gayunpaman, sa panahong ito sa Marikina, bagaman naipakilala na ang bagong barya, higit na gustong gamitin ng mga mangangalakal na Tsino ang Mexican peso kumpara sa bagong labas na New Philippine peso. Tingnan, Willem Wolters, “From Silver Currency to the Gold Standard in the Philippine Islands,” *Philippine Studies* 51, blg. 3 (2003): 398.

Rosario.⁷⁰ Kaya halos lahat ng mga sapatos na ipinagbibili ngayon sa Calle Gandara at Rosario ay gawa sa Marikina. Ang ilang Marikeño ay nagbebenta rin ng ginawang sapatos, bilang tagapaglako, sa halos lahat ng mga probinsya ng Pilipinas. At dahil sa imbensyong ito, naging mga lagalag na tao ang mga Marikeño – ipinakilala nila ang paggawa ng sapatos at minsan ay nagtayo pa ng ilang pagawaan sa mga probinsya ng Rizal, Laguna,⁷¹ Tayabas,⁷² Albay, Pangasinan,⁷³ Bulacan,⁷⁴ Batangas at iba pa.⁷⁵

Ang industriya ng paggawa ng sapatos lamang ang tanging industriya na nasasandalan ng mga Marikeño at napakalaki ng halaga nito sa ekonomiya ng

⁷⁰ Ang Calle Gandara at Rosario ay ilan sa kilalang sentro ng komersyo sa Maynila. May 26 na tindahan ng sapatos sa Lower Gandara samantalang mga segunda mano at piyesa ng sasakyan sa Gandara Extension at mga damit naman sa Rosario. Katabi ng Gandara at Rosario ang Kalye Pinpin na kilala sa mga muwebles; Dasmariñas sa bultuhang pagbili ng mga hilaw na materyales; San Vicente sa mga inangkat na tela; mga harina sa Calle Elcano at Calle Santo Cristo; mga tabla (*lumber*) sa Juan Luna, Azcarraga, at Soler; at marami pang iba. Tingnan, George Henry Weightman, “A Preliminary Ecological Description of the Chinese Community in Manila,” *Philippine Sociological Review* 3, blg. 4 (1955): 26.

⁷¹ Sinasabing bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kakumpetensya na halimbawa ng Marikina ang Liliw, Laguna. Ayon sa kasaysayan, taong 1931, ang nagngangalang Casiano Pisueña ay nagsimulang sirain ang kanyang sariling *chinelas* at nagsimulang pag-aralan ang proseso ng pagbabalik sa mga ito. Bumibili si Pisueña ng mga hilaw na materyales sa Divisoria. Ang ganitong inisyatiba ni Pisueña ay nagtulak sa mga taga-Liliw upang pagyamanin ang industriya. Tingnan, Juvy Mojares, “Social Networks and Industry Competitiveness: The Case of Liliw Footwear Industry,” *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* 2, blg. 1 (2014): 75. Ang ganitong tala ni Pisueña ay nalalapit sa kasaysayan ni Laureano Guevara.

⁷² Kasalukuyang Quezon Province.

⁷³ Sa pagitan ng taong 1902 hanggang 1912, nadagdagan ang uri ng kabuhayang makikita sa Pangasinan bagaman nakasalalay pa rin ang karamihan sa pangngisda, pagsasaka, at paggawa ng asin at iba pang sangkap. Sa bayan ng Calasiao halimbawa, na kilala sa paghahabi ng sombrero ng gawa sa dahon ng buri, paggawa ng itak at kutsilyo, at muwebles, gumagawa rin sila ng mga sapatos at *chinelas*. Tingnan, Rosario Mendoza Cortes, *Pangasinan, 1901-1986: A Political Socioeconomic and Cultural History* (Quezon City: New Day Publishers, 1990), 58.

⁷⁴ Mayroong ugnayan ang Marikina at Bulacan sa industriyang ito noon pa man. Sa katunayan, pumunta si Laureano Guevara sa Meycauayan, Bulacan upang humingi ng konsultasyon dahil ang nasabing bayan ay kilala noon bilang tagapagtustos ng mga hilaw na materyales para sa sapatos. Tingnan, Bernardo, *Gems of Philippine History*, 269; Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, 221.

⁷⁵ Bagaman wala sa nabanggit ni Estrella, maaari ring basahin ang industriya ng sapatos sa Cebu, partikular na sa bayan ng Carcar (*i.e.* Liburo at Valladolid). Kasabay ng pamamayagpag ng Marikina sa industriyang ito lalo na noong dekada 1980, itinuring din ang Cebu bilang tagaprodyus ng sapatos. Noong 2000, may 200 kabahayan sa Carcar na ang pangunahing kabuhayan ay paggawa ng sapatos. Tingnan, Resil Mojares, “Where is the Center? Ideology Formation and the Constitution of a Rural Cebuano Community: 1582-1988,” *Philippine Quarterly of Culture & Society* 28, blg. 1 (2000): 30; Marjory Estillero Dino, “Shoemaking in a Central Philippine City: A Disappearing Tradition?” *Social Transformations* 8, blg. 2 (2020): 260.

bayan ng Marikina. Pinataas ng industriyang ito, kasama na ang industriya ng pananahi at pagsasaka, ang uri ng pamumuhay ng mga tao, na mas mataas kaysa ibang kalapit na bayan. Mula noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano, anim na matitinding sunog⁷⁶ na ang nangyari na sumira sa buong bayan, ngunit sa kabila nito, ang bayan ay isa pa rin sa pinakamaganda sa Rizal. Ang bayan, na may populasyon na labing-isang libong mamamayan, ay kinayang magpatakbo ng isang hiwalay at sariling paaralang intermidyet at dalawang *cinematograph*.⁷⁷ Ang mga kalye ay araw-araw na iniilawan at isa rin sa pinakamagaganda sa probinsya, dahil nagagawang makatanggap ang munisipyo ng malaking buwis mula sa mga pagawaan.

Tagalog Paper No. 411

ISANG MAIKLING KASAYSAYAN NG INDUSTRIYANG
PANGSAPATUSAN NG MARIKINA

ni Cecilio Lopez

Klasipikasyon:

1. TAGALOG: Marikina, Probinsya ng Rizal, Luzon. KASAYSAYAN NG PILIPINAS: Industriyal
2. Buhay Pang-ekonomiya: Ang Industriyang Pangsapatusan ng Marikina: Kasaysayan at pag- unlad ng industriya, at pag-inam ng produkto: Komersyo at kalakalan

⁷⁶ Tingnan bilang halimbawa ang naganap na sunog sa Binondo at ilang bahagi ng Kamaynilaan. Mayroong ekonomikong ugnayan ang Marikina at Binondo. Sentro ang Binondo ng komersyo at pagawaan ng sigarilyo. Tingnan, Greg Bankoff, *Crime, Society, and the State in the Nineteenth Century Philippines* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012), 41. Matatandaang sa Binondo nag- aangat ng mga hilaw na materyales ang mga taga-Marikina at Pasig. Sa kasaysayan noong tag-init ng 1870, nasunog ang Pasaje de Norzagaray, isang distrito na nagbebenta ng bultuhang materyales. Kumalat ang apoy sa mga karatig-distrito. Ito ang dahilan kung bakit nagbago ng pagpaplanong urban ang mga Español – mula sa mga kahoy na materyales ay ginawang sementadong pader ang Intramuros at ilang bahagi ng Maynila. Tingnan, Greg Bankoff, “A Tale of Two Cities: The Pyro-Seismic Morphology of Nineteenth- Century Manila,” nasa *Flammable Cities: Urban Conflagration and the Making of the Modern World*, mga pat. Greg Bankoff, Uwe Lubken, at Jordan Sand (University of Wisconsin Press, 2012), 176-177. Cf. din, Randy Madrid, “A History of Disastrous Fires in Philippine Chinatown,” *Philippine Social Sciences Review* 64, blg. 2 (2012): 1-14.

⁷⁷ May sinehan na noon sa Marikina. Isinulong na buksan noon ni Teofilo Reyes o “Batang Halang” ang *Sine Kababayan* o *Sine Bayan* sa Marikina. Si Reyes ay naging pangulo ng samahang *Legionarios del Trabajo de Marikina* (Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 81).

Maynila

Oktubre, 1922

ISANG MAIKLING KASAYSAYAN NG INDUSTRIYANG
PANGSAPATUSAN NG MARIKINA, PROBINSYA NG RIZAL
ni Cecilio Lopez

Ang paggawa ng sapatos sa Marikina ay nagsimula sa pagitan ng 1880-1886. May isang Kapitan Laureano Guevara na nakatuklas ng lihim ng samu't saring paraan at proseso na nakapaloob sa paggawa ng tapos na produkto. Ayon sa aking ama, na pinagmulan ng aking datos, si Kapitan Guevara ay may-ari lamang ng isang maliit na tindahan ng tsinelas, at karamihan sa mga sapatos na isinusuot ng mga tao ay ginawa ng mga sapatero ng Macao. Biglang pumasok sa isip ni Kapitan Guevara kung paanong ang paglikha ng sapatos ng mga katutubo ay makatutulong upang mapagyabong ang kabuhayan ng mga tao. Kaya ang ginawa niya, tumungo siya paminsan- minsan sa Maynila at nanood sa aktuwal na mga pamamaraan at proseso ng paggawa ng sapatos ng Macao.⁷⁸ Kalaunan, bumili siya ng isang pares ng sapatos na nagbigay-daan upang matuklasan niya ang mismong lihim. Dinala niya sa Marikina ang pares na ito ng sapatos at siya mismo ang nagbaklas-baklas nito, nang may lubos na pag-iingat upang walang mawala o masira na bahagi. Sa madaling salita, inihiwalay niya ang *vamps*, *soles*, takong, *sewed string* at lahat ng iba pang bahagi na bumubuo sa tapos na sapatos. Inialis ang mga padron mula sa mga inihiwalay na bahagi, at sa pamamagitan ng mga padron na ito, si Kapitan Guevara mismo ang pumutol sa mga kinakailangan na bahagi upang makumpleto ang *vamp*. Sa gayon, walang totoong balat na ginamit, dahil ang pangunahing materyales para sa *vamp* o *uppers* ay isang uri ng *canvas* na kung tawaginay “lona antiguo.”⁷⁹

⁷⁸ Bagaman ipinagbabawal o nililimitahan, nagkaroon ng direktang pakikipagkalakan ang Macao sa Maynila sa kabila ng halos napag-iwanan ito noong dantaon 16 hanggang 17 dahil sa mas maunlad at kilalang rutang pangkalakalan na namagitan sa Maynila, China, at Japan. Tingnan, John Villiers, “Silk and Silver: Macau, Manila, and Trade in the China Seas in the Sixteenth Century,” *Journal of the Hong Kong Branch of the Royal Asiatic Society* 20 (1980): 76. Isa sa maituturong dahilan kung bakit sa maraming pagkakataon, itinuring ng Maynila ang Macao (at bise-bersa) bilang kakumpetensya ay dahil sa kompetisyon ding nabubuo sa Portugal (na sumasakop sa Macao) at España (sa Maynila at Pilipinas). Ikinabahala ng mga Portuges na mapunta o magkaroon ng direktang akses ng pakikipagkalakan ang España sa Japan. Gayunpaman, may naganap pa ring pakikipagkalakan sa Macao at Maynila. Liban sa mga tela, nagpapadala din ng asoge (*mercury*) ang Macao patungong Maynila. Cf. Roderich Ptak, “Trade Between Macau and Southeast Asia in Ming Times: A Survey,” *Monumenta Serica* 54 (2006): 480-484.

⁷⁹ Ang *lona* ay kasingkahulugan ng *borde* o *lienzo*, na may direktang salin para sa *canvas*.

Pinagtagpi-tagpi niya ang mga bahagi alinsunod sa binili niyang modelo, at inalis ang *sole* at *inner sole*. Ang mahirap na hakbang dito ay ang pagmomodelo upang kumasya ang paa dahil wala siyang *last*, at hindi niya alam kung paano gumawa nito. Ngunit matapos ang ilang paghihirap, nagtagumpay siya na makakuha ng isang pares mula sa isang Macao, na binayaran niya ng medyo malaking halaga. Idinikit niya ang *uppers* sa *lasts*, at siya mismo ang nagtahi ng *vamp* at *inner sole* sa isa't isa. Siyempre, ang nabuong sapatos ay hindi kawangis ng mga sapatos na mayroon na tayo sa kasalukuyan. Ang harapan ay napakalambot, gayundin ang likurang bahagi, yamang walang balat sa loob na susuporta at magpapatigas dito. Ang *soles* ay hindi nadiinang maigi, at hindi gaanong kasado ang pagkakakabit ng takong. Sa madaling salita, ang nabuong sapatos ay mas kawangis ng kasalukuyang “alparagatos”⁸⁰ kaysa isang tunay na sapatos. Gayunpaman, natupad nito ang layunin ng gumawa, at nagbigay-daan ito tungo sa marami pang paghahaka. Hindi nawalan ng pag-asa si Kapitan Guevara o Kapitan Nonong⁸¹ tulad ng tawagsa kanya ng mga tao, at nagsimula siyang lumikha ng mas marami pang sapatos. Noong 1890, nagsimula siyang bumili ng mas maraming *lasts*, at sinubukan niya ring painamin ang mga uri ng *uppers* na ginagamit. Dapat isaisip na noong panahong iyon, na ang mga ginagawang sapatos ay para lamang sa kalalakihan. Naisip ni Kapitan Nonong ang ideya at posibilidad ng paggamit ng balat ng hayop para sa *uppers*, na malaki ang kainaman kaysa “lona antiguo.” Nagkaroon siya ng ideya na ang balat ng kabayo, kapag hiniwa-hiwa nang manipis at ibinilad sa araw, ay maaaring magsilbing magandang materyales para sa *uppers*. At ang ideyang ito ay ibinahagi niya sa *tanners*ng Maykawayan, Bulacan, kung saan ang mga balat ng baka at kalabaw at iba pang hayop ay ibinibilad nang bultuhan, kahit hanggang sa kasalukuyan. Samakatuwid, natuklasan na ang mas magandang materyales para sa *uppers*. Sa panahong iyon kung gayon, may mga materyales na ginagamit na nililikha mismo sa loob ng bayan, tulad ng balat ng hayop para sa *soles*, habang inaangkat naman mula sa labas ang “lona antiguo,” *strings*, sinulid, at iba pa. Sa ilang panahon, ang bilang ng sapatos na nililikha sa Marikina ay dumami,

⁸⁰ Ito ay isang mala-tsinelas at sapatos na mas kilala ngayon bilang *alpargatas* o *espadrilles* (espadril sa Pilipinas) na isang tanyag na produkto sa Timog Amerika. Cf. Valeria Manzano, “The Blue Jean Generation: Youth, Gender, and Sexuality in Buenos Aires, 1958-1975,” *Journal of Social History* 42, blg. 3 (2009): 659.

⁸¹ Bukod tanging si Lopez lamang ang mababasahan ng “Kapitan Nonong” bilang palayaw ni Laureano Guevara. Sa mayoryang babasahin, kilala siya bilang “Kapitan Moy.” Posible sigurong sapatnahan na ang “Nonong” ay katawagan para sa kanya ng ibang tao, na halaw sa pag-uulit ng huling pantig ng kanyang pangalan, i.e. Laureano = Nonong. Likas sa mga pangalan at palayaw noon ay nagtatapos sa “-ng” o “-ing” na hinango mula sa mga huling pantig ng pangalan. Halimbawa, Ricar(do) = Card(-ing), Raymun(do) = Mund(-ing), Rober(to) = Bert(-ing), at iba pa.

at ang sapatos ng *canvas* at *upper* na gawa sa balat ng kabayo ay ibinebenta sa mga kalapit-probinsya at sa Maynila ng mga “viajero” o “manglalako,” tulad ng katawagan sa kanila sa Tagalog. Ang sapatos ng Macao at yaong mga inaangkat ng mga tiyangge at tindahan sa Escolta ay nagkaroon ng kakumpitensya dahil sa mga sapatos ng Marikina.

Makatuturang banggitin dito ang sahod na natatanggap noon ng mga manggagawa. Yaong mga gumagawa ng *uppers* ay binabayaran ng isang “sicolo” sa bawat pares ng *canvas*, at isa’t kalahating “sicolo” sa bawat pares ng balat ng kabayo. (Ang sicolo ay isang denominasyong Español na katumbas ng 61/2 sentabo). Ang sapatero ay tumatanggap ng nasa anim na “bahagui” para sa isang pares ng *canvas* ng sapatos, at nasa pitong “bahagui” para sa isang pares ng balat ng kabayo para sa sapatos. (Ang bahagui ay katumbas ng 0.12 1/2 sentabo). Ang presyo ng sapatos ay naglalaro sa 1.60 hanggang 3.25 sa Mehikanong pera, depende sa uri ng mga sapatos. Wala gaanong pagbabago ang yugtong 1885-1890 sa usapin ng materyales na ginagamit, liban sa ang mga pamamaraan sa paggawa ay bahagyang uminam. Napagtanto na mahalaga ang pangangailangan para sa isang bagay na magpapatigas at magpapatatag ng unahan at duluhang bahagi ng sapatos, at samakatuwid ay magbibigay sa sapatos ng mas magandang anyo at hitsura. At sa gayon ay gumamit ang mga sapatero ng mga piraso ng papel na pinagpatong-patong at inilagay sa pagitan ng *lining* at panlabas na bahagi ng *uppers*, sa unahan at duluhang bahagi.

Mula 1890 hanggang 1896, naging higit na mabenta ang katutubong sapatos ng Marikina at marami ang naghahanap nito sa mga probinsya dahil sa mababang presyo kumpara sa mga inaangkat at gawang Macao. Mahalagang mabanggit dito na sa yugtong ito, mayroong tatlong magkakaaibang pagawaan sa bayan. Ang isa ay pag-aari ni Kapitan Nonong, at ang dalawang iba pa ay pag-aari ng kanyang dalawang *master worker*,⁸² ang isa’y *master cutter* ng *uppers* at ang isapa’y *master shoemaker*.

Hindi nabuhay nang matagal si Kapitan Nonong upang mapangalagaan ang kanyang pagawaan, at matapos ang kanyang kamatayan, ang dalawa niyang *master cutter* at *shoemaker* ang namahala sa paggawa ng sapatos sa bayan. Ang pagdating ng himagsikan laban sa mga Español ay nagdulot ng labis na pag-unlad sa industriya ng bayan, at marami sa mga sapatero, kabilang naang aking kinapanayam, ay nagtayo ng kanilang sariling pagawaan. Pagsapit ng 1896,

⁸² Posibleng sina Crispin Santos at Eduardo Victorino na nakapagpatayo rin ng pagawaan noong 1885. Cf. Manuel, *Dictionary of Philippine Biography*, 222

mayroon nang anim na pagawaan sa bayan, ngunit dahil sa pangkalahatang kaguluhan, nagsitakasan ang mga tao sa kabundukan, at may matinding kahirapang ipinagpatuloy ng mga may-ari ng pagawaan ang paggawa ng sapatos. At 1898⁸³ lamang naibalik ang mga pagawaan sa bayan, noong bahagya nang payapa ang kalagayan. Naipakilala na sa panahong ito ang samu't saring materyales para sa *uppers*. Liban sa “lona antiguo” at balat ng kabayo, ginamit na rin ang isang uri ng balat ng hayop na tinatawag na “chagrin,”⁸⁴ at isa pang kalidad ng balat ng hayop na kilala bilang “badana” na pinipinturahan ng “achuete,”⁸⁵ ang katas mula sa prutas ng isang puno, na nagbibigay ng halos tinang kayumanggi. Bilang karagdagan sa “lona antiguo,” isa pang uri ng kulay, *khaki*, ay ginamit dahil mataas ang pangangailangan dito ng mga Pilipinong sundalo. Ang Español na “cazadores,”⁸⁶ na tawag noon ng mga katutubo sa mga puting sundalo, ang dahilan ng pagtaas ng bilang ng mganililikhang sapatos na may *upper* na gawa sa balat ng kabayo, habang ang “chagrin” at tininang “badana” ay iniluluwas sa mga probinsya at Maynila at itinuturing na may mas mataas na kalidad. Ang suweldo ng mga manggagawa ay mas mainam na kaysa unang mga panahon. Ang mga tagagawa ng *uppers* ay nakatatanggap ng 12 1/2 sentabo para sa bawat pares; ang sapatos ay nagkakahalaga mula 3.50 hanggang 6.25 sa Mehikanong pera.

Noong 1898, matapos ang himagsikan laban sa mga Español, ipinakilala ng isa pang uri ng balat ng hayop para sa *uppers*, ang “charol,” isang makintab sa pagkaitim na balat ng hayop. Itinuturing ang balat ng hayop na ito na may pinakamataas na kalidad, at ang ganitong porma ay tanyag sa siyudad. Sa panahong ito, mayroon nang nasa labindalawang pagawaan, at ang regular na bultuhang bentahan ay pinagkakasunduan sa pagitan ng mga sapatusan ng bayan at mga negosyanteng Tsino ng Maynila, sa distrito ng Binondo, sa Calle Pasaje de Norzagaray, na tinatawag ngayong Gandara, at sa kasalukuyan ay ilan sa pinakanangungunang tindahan sa Escolta. Ang unang Pilipinong pagawaan ng sapatos, na tinatawag na Marikit-na, ay naitatag noong 1898 ni

⁸³ Maaaring mapagkamaliang 1898 o 1899 dahil sa kalabuan ng bahaging ito ng dokumento.

⁸⁴ Mas kilala bilang “shagreen” o isang magaspang na balat na mula sa likod ng kabayo o sa pating at pagi (*stingray*).

⁸⁵ Isa ito sa mga produktong ipinakilala sa Pilipinas ng mga Mehikano sa pamamagitan ng Kalakalang Galyon (1565-1815). Katulad ng *mimosa* at *indigo*, ginagamit din ang *achuete* bilang pangkulay (*dye*) na minana rin ng mga Pilipino mula sa Mexico. Tingnan, Rudy Guevarra Jr., “Filipinos in Nueva España: Filipino-Mexican Relations, Mestizaje, and Identity in Colonial and Contemporary Mexico,” *Journal of Asian American Studies* 14, blg. 3 (2011): 395.

⁸⁶ Iba ang pagpapakahulugan dito ng mga Español at katutubong Pilipino. Para sa una, ang mga *cazadores* ay mga tulisan o *hunters* ngunit para sa mga Pilipino, ito ay magigiting na sundalong gumagamit ng *machete* at bolo bilang mga armas. Tingnan, Brian McAllister Linn, “The Pulahan Campaign: A Study in US Pacification,” *War in History* 6, blg. 1 (1999): 48, n. 11

Ambrosio Eustaquio, ang *master shoemaker* ni Kapitan Nonong, sa Calle R. Hidalgo, Santa Cruz, katapat ng *brewery* ng Tuason at Legarda. Sa pagsisimula ng digmaang pandaigdig, binili ito ng isang sapatero mula sa Marikina, si Francisco Santa Ana, at noong 1918 ay binili ni Mamerto Manalo, isang kilalang lokal na parmasyutiko mula sa Pateros, Rizal. Binanggit ko ang partikular na pagawaang ito dahil ito ang kauna-unahan na naitatag sa siyudad ng isang Pilipino, ang unang nagwagi ng gintong medalya sa St. Louis Exposition na kumakatawansa lokal na gawang sapatos, at sa kasalukuyan ay napakasikat sa mga nagsusuot ng sapatos sa siyudad, at maging sa mga probinsya. Ang pagawaan ay kasalukuyang nasa Calle Bustos, katapatng La Perla, sa Santa Cruz.

Sa pagsisimula ng ika-20 dantaon, naging mabenta ang sapatos ng Marikina sa mas malawak na bahagi ng Pilipinas, at naglakbay ang mga “viajero” pahilaga maging hanggang sa probinsya ng Ilocos, at patimog hanggang sa kapuluan ng Kabisayaan. Makabuluhang banggitin na nililikha lamang ang mga sapatos na may mataas na takong sa pagsisimula ng siglong ito, yamang ang nililikha lamang ng dating mga pagawaan ay mga mabababang sapatos. Ang uri ng balat na unang ginamit para sa mga sapatos na may mataas na takong ay hindi pa nagamit noon, at tinatawag itong “avellana,” na sa kasalukuyan ay napakadalang nang gamitin sa paggawa ng sapatos. Ang ilang punto ng pag-unlad ay mababanggit kaugnay ng yugtong ito. Ang dating “tope” at “contra fuerte” ng papel, na nagsisilbing tagapagpatigas ng unahan at duluhang mga bahagi ay pinalitan ng totoong piraso ng mga balat, na hinihiwa nang mas maninipis upang maging angkop sa kundisyon. Ang *soles* at mga takong, na dating hinahayaang hindi pinakintab ay pininturahan at pinakintab na upang magmukhang makinang. Gayunpaman, ang “tope” at “contra fuerte” ng papel ay ginagamit pa rin sa mas mababa nitong kalidad, tulad ng “lona antiguo” at *khaki uppers*. Sa yugtong ito, mas lumawak na ang industriya ng sapatos dahil sa karagdagang paglikha ng mga pambabaeng sapatos, na tinatawag na “botitos,” na may kasamang *uppers* na gawa sa magandang “lona antiguo.” Sa dekadang ito ng 1900-1910, mayroong mahalagang pagbabagong naganap, at iyon ay ang paggawa ng mga pambatang sapatos, sa anyo ng mga nakasarang sandalyas na tinatawag na “chineletas.” Kaya naman mayroong pangkalahatang pag-usad sa paggawa ng sapatos. Tumaas ang kalidad at bilang ng mga nalilikha, at mayroon nang nasa labinglima hanggang dalawampung pagawaan sa bayan. Halos lahat ng mga ginamit na materyales, maliban nalang marahil sa binilad na balat mula sa Maycawayan, ay binili mula sa “El 82” sa Binondo, Parson’s Hardware & Co., at sa lokal na mga tindahang Tsino.

Mula 1910 hanggang 1914, dumami ang bilang ng mga pagawaan dahil nagsimulang mapagtanto ng mga tao ang kita mula sa paggawa ng sapatos, habang pataas nang pataas ang katanyagan ng sapatos ng Marikina. Siyempre, sa pagdaan ng mga taon, naipakikilala ang mga magagandang pagbabago, mga pagbabagong nagdudulot ng kahigitan – sa anyo at sa hitsura – sa mga sapatos na iniaangkat ng mga negosyanteng Europeo at Amerikano. Magiging medyo makasarili para sa akin, ngunit kung totoo ito, na banggitin na ang pag-inam ng mga lokal na gawang sapatos ay dulot ng katutubong rekursu at pagkukusa. Nagdulot ng malaking impluwensya ang mga inangkat na sapatos na itinatanghal sa mga bintana ng mga tiyangge sa Maynila, at ang kalikasan ng tao na manggaya ay nagbigay-daan sa paglikha ng mga lokal na manggagawa ng kanilang samu't saring uri at anyo ng sapatos. Ang yugto sa pagitan ng 1910-1914 ay kinakarakterisa ng tendensya na umusad sa pamamagitan ng pagsunod sa istilo ng mga inangkat na sapatos. Napagtanto ng mga banyagang negosyante na mahigpit nilang kakumpitensya ang mga lokal na gawang sapatos, at sa pamamagitan ng ilang paraan ay nagawa nilang makakuha ng malaking bilang ng mga mumurahing sapatos, na itinatanghal nila at ibinenta sa napakamurang halaga. Ang ganitong pagkilos ay nagdulot ng pagbaba ng pangangailangan para sa mga lokal na sapatos, at kalunos-lunos sabihing marami sa labinglima o dalawampung pagawaan sa Marikina ay tuluyan nang tumigil sa paggawa ng sapatos, at marami ang naging kawalan nila. Ayon sa pinagmulan ng aking impormasyon, apat lang silang nagpatuloy sa paggawa ng sapatos, bagaman ang pangangailangan para rito ay napakaliit. Sila mismo ay kailangang tumungo sa mga probinsya upang may mapagbentahan, dahil ang oportunidad sa Maynila sa panahong iyon ay napakaliit. Ang yugto ng ganitong pagbagsak ay nagpatuloy sa loob ng dalawa o tatlong taon, at ang magandang pagkakataon ay umusbong lamang sa pagsisimula ng Digmaang Europeo. Sa kabuuan, ang presyo ng mga bilingin ay sobra-sobrang tumaas, at sa panahon ng digmaan ay hindi nakaligtas ang sapatos sa ganitong kalagayan. Ang pangangailangan para sa sapatos ng Marikina ay tumaas nang tumaas, at lumaki ang tubong kinita ng mga sapatero ng bayan. Ang mga masinop na sapatero ay nagtayo ng kanilang sariling pagawaan, at noong 1916 mayroon nang nasa 45 pagawaan. Lahat ng mga ito ay yumabong at nagkaroon agad ng mga mapagbebentahan. Naranasan ang pangkabuuang pag-unlad, dahil sa panahong iyon ay tumaas ang sahod ng mga manggagawa at presyo ng mga sapatos. Ang mga tagagawa ng *uppers* ay nakatatanggap ng mula ₱.36 hanggang

₱.86 sa bawat pares, at marami sa kanila ay kayang tumapos ng nasa isang dosenang pares kada araw; habang ang mga sapatero ay nakatatanggap ng mula ₱1.25 hanggang ₱2.50 kada pares, at napakarami sa kanila ang kayang tumapos

ng dalawa hanggang tatlong pares kada araw. Ang industriya sa yugtong ito ay kinakarakterisa ng pagsisimula ng gomang *soles* at takong, na karamihan ay binibili mula sa American Hardware & Co., Erlanger & Galinger, Manila Trading & Co., Island Tracing & Co., at marami pang ibang maliliit na establisyimento.

Ang ilang maparaang may-ari ng mga pagawaan ay nagtayo ng tindahan sa Maynila, at nakapagbebeenta sila ng mga sapatos sa halagang ₱16, o umaabot pa ng hanggang ₱50 kada pares ng panglalaking sapatos, at mula ₱8 hanggang ₱18 para sa pambabae. Sa kasagsagan ng digmaan, mayroong tatlong pangunahing tindahan sa Maynila na pagmamay-ari ng mga Marikeño; ang Marikit-na na nabanggit ko na, ang Magallanes Shoemaker na pagmamay-ari ni Ruperto Sanchez sa Calle Magallanes, at ang “El Oriente” ni Moises Villamaria sa Calle Real, Intramuros. Hindi naman kalabisan para sa akin na sabihing sa panahong ito, nakakalikha na ang mga katutubo ng sarili nilang mga padron at istilo alinsunod sa gusto ng mga bumibili, at umunlad na sila sa kanilang linya na halos lahat ng uri ng paa ay kaya na nilang sukatin at gawan ng sapatos na angkop sa mga ito. At nakadagdag ito sa katanyagan ng lokal na sapatos, at nagbigay-daan para sa oportunidad sa hinaharap, kaya sa kasalukuyan, mayroong nasa dalawampung tindahan sa siyudad na pagmamay-ari ng mga negosyanteng Marikeño. Halos nakamamangha ang sahod na natatanggap ng mga manggagawa. Sa kasagsagan ng mga buwan mula Oktubre hanggang katapusan ng Enero, ang isang masipag na sapatero ay kayang kumita ng ₱45.00 hanggang ₱50.00, at ang mga tagagawa ng *uppers*, na karamihan ay kababaihan, ay kayang kumita ng ₱25.00 hanggang ₱30.00 kada linggo, na hindi kasama ang bawat Linggo. Sa pagsapit ng Mahal na Araw, malaki rin ang kinikita ng mga manggagawa, ngunit hindi kasinglaki ng natatanggap nila mula Oktubre hanggang katapusan ng Enero.

Sa pagtatapos ng Digmaang Pandaigdig, bahagyang nabansot ang mga bagay-bagay, bumagsak ang mga negosyo, ngunit nagpatuloy pa rin ang pag-unlad ng industriya ng sapatos sa Marikina, at ang mga manggagawa na nakalikom ng salapi sa panahon ng digmaan ay nagtatag ng sarili nilang mga pagawaan, at sa kasalukuyan ay mayroon nang nasa animnapung pagawaan sa bayan. Labis na lumago ang tuwirang pakikipagnegosyo sa mga Tsinong mangangalakal sa Calle Gandara, at mayroon akong matibay na batayan upang igiit na halos lahat ng mga sapatos na ibinebenta sa Calle Gandara ay gawa sa Marikina, maliban sa mga sapatos na pang-*tennis* at yaong mga para sa maliliit na sanggol. Napagtanto ng ilan sa mga pinakamayayamang negosyante ng

bayan ang kalamangan sa tuwirang pag-aangkat ng sarili nilang mga materyales, at sa kasalukuyan, sa tingin ko, mayroong tatlo o apat sa kanila na tuwirang umaangkat ng mga materyales sa halip na bilhin ang mga ito sa siyudad. Sa kasalukuyan, napakatibay na ng kalagayan ng industriya at ito ay sobrang yumayabong, at may mga pahiwatig na magiging maganda pa ang hinaharap nito. Tulad ng sinabi ko, ang inaangkat na mga sapatos ang mahigpit na kakumpitensya, at itong huli ay nahihirapang makipagsabayan sa mga lokal na sapatos na gawa sa Marikina dahil sa naunang mga rason na nabanggit ko na.

Tagalog Paper No. 899

KARAGDAGANG MGA KUWENTONG BAYAN MULA SA
MARIKINA, PROBINSYA NG RIZAL⁸⁷
ni Demetrio Andres

Klasipikasyon:

1. TAGALOG: Marikina, Probinsya ng Rizal
2. Buod: Kuwentong bayan; Mito, Pabula, Alamat, Libangang Kuwento

Maynila
Hulyo-Setyembre, 1924

KARAGDAGANG MGA KUWENTONG BAYAN MULA SA
MARIKINA, PROBINSYA NG RIZAL⁸⁸

ni Demetrio Andres

⁸⁷ Batay sa obserbasyon ng mga tagasalin, ang una, ikalawa, at ikaapat na kuwentong ito ni Andres ay tila tunog sexista at pagpapakita ng hindi magandang imahen ng kababaihan –nagmula sa buntot ng aso ang unang babae sa mundo, kabit o nangaliwa ang reyna, at natapunan ng dumi o tae ang mukha ng babae.

⁸⁸ Sa panahong isinulat ito ni Demetrio Andres, ang Marikina ay sakop pa rin ng lalawigan ng Rizal. Gayunpaman, mas nauna na itong nakapaloob sa Provincia de Tundo hanggang 1819 (kasama ang iba pang 27 na pueblo), ang pinakamalaking probinsya sa maagang bahagi ng dantaon 19. Sa madaling salita, noong panahon ng mga Español, pinagsama nila ang Maynila at Rizal sa ilalim ng hurisdiksiyon ng Provincia de Tundo. Magkakaroon lamang ng pagbabago noong 1918 o panahon ng mga Amerikano sa Pilipinas. Sa bisa ng Komisyong Taft noong 1902, pinag-isa ang Provincia de Maynila at Provincia de Morong upang likhain ang panibagong Provincia de Rizal bilang pagkilala kay Jose Rizal (Act No. 137). Kaya't dito makakapasok ang Mariquina. Hihiwalay lamang ang Mariquina sa Rizal noong 1996. Tingnan, Nancy Kimuell-Gabriel, "Ang Tundo ni Bonifacio, Si Bonifacio sa Tundo," *Saliksik E-Journal* 3, blg. 2 (2014): 41-42.

Isang Mito ng Paglikha: Paglikha sa Unang Babae

Tulad ng inilahad sa Aklat ng Genesis, mayroong tila kahawig na paraan ng paglikha sa unang lalaki. Ngunit ukol sa paglikha ng unang babae, mayroong magkakaibang opinyon. Sinasabi sa atin ng aklat ng Genesis na nilikha ng Diyos si Eba mula sa tadyang ni Adan. Sa mga Tagalog sa aking lokalidad, mayroong paniniwala ang mga tao na ang unang babae ay hindi nagmula sa tadyang ni Adan, tulad ng inilahad sa Aklat ng Genesis. Salungat dito, ang kuwentong ito na aking ibabahagi ay magsasabi sa atin na ang unang babae ay nagmula sa buntot ng unang aso.⁸⁹ Ganito ang takbo ng kuwentong nagpapatotoo nito:

Nilikha ng Diyos ang unang lalaki at pinangalanan itong Adan. Ngunit tila malungkot si Adan sa Paraiso, kaya nagpasya ang Diyos na bigyan siya ng kasama. Inutusan niya si Adan na matulog at habang natutulog siya, humugot ang Diyos ng isa sa mga tadyang ni Adan, na ang layunin ay likhain si Eba mula

⁸⁹ Mahirap tukuyin ang pinagmulan ng kuwentong iniuugnay sa buntot ng aso ang unang babae. Gayunpaman, makapaghahain pa rin ng ilang posibleng kaugnayan ng aso at tao sa anyo ng mga kuwentong bayan, alamat, at paniniwala. Sa mundong Austronesyano, may isang kuwento hinggil sa dalawang babaeng kakapanganak lamang ng kanilang mga sanggol. Ang isang babae ay mula sa silangan samantalang ang isa naman ay mula sa kanluran. Walang ilaw ang nasa kanluran kaya't pinakiusapan nito ang nasa silangan na padalhan siya ng ilaw. Dahil sa bagong panganak ang huli, hindi ito makakabangon kaya't sa halip, itinali niya ang ilaw sa buntot ng aso. Pinagtawanan ng dalawang babae ang kaganapang ito. Sa ilang paniniwalang Austronesyano, ang pagtawa o gawing katawa-tawa ang mga hayop at kalikasan (*i.e.* pagtatalik ng mga hayop) ay magdadala sa kaparusahan ng Diyos. Batay sa kuwento, pagkatapos tumawa ng dalawang babae, nagkaroon ng mga lindol at pagkalipo. Tingnan, Robert Blust, "Linguistic Evidence for Some Early Austronesian Taboos," *American Anthropologist* 83 (1981): 304. May isa pang kuwento tungkol sa puputuling buntot ng aso. Hinggil ito sa isang hari na nagpautos sa pusa at aso na dalhin ang mahiwagang singsing sa kanyang anak. Nawala ng aso ang singsing habang lumalangoy ito sa ilog at pagkatapos ay nagtago upang takasan ang kanyang kasalanan. Pinahanap siya ng hari sa buong mundo at ito rin ang pinagmulan ng kuwento kung bakit laging nakalabas ang ngipin at laging nagwawagwag ng buntot ang aso. Cf. Clara Kern Bayliss et al. *Philippine Folk-Tales* (Project Gutenberg, 2004), 34-35. Sa kabila ng maraming bersiyon hinggil sa aso at buntot nito, isang bagay lamang ang malinaw. Taal sa Pilipinas ang aso hindi katulad ng mga dayong hayop gaya ng pusa. Batay sa mga ebidensiyang arkeolohikal at historikal, sinasabing ang aso ay domestikadong hayop sa mundo ng Malayo-Polynesiano o Austronesyano, partikular na sa Timog Silangang Asya at Pilipinas. Tingnan, Peter Bellwood, "Austronesian Prehistory in Southeast Asia: Homeland, Expansion and Transformation," nasa *The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, mga pat. Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron (Australian National University Press, 2006), 106; Adrian Horridge, "The Austronesian Conquest of the Sea – Upwind," nasa *The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, mga pat. Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron (Australian National University Press, 2006), 143-144. Makikita rin sa epikong buhay ng mga Ilokano na Biag ni Lam-ang na mayroon siyang alagang aso na dahil sa isang kahol nito, nanumbalik ang nasirang bahay at katawang tao ni Lam-ang pagkatapos siyang nilulon ng isdang rarang. Cf. E. Arsenio Manuel, "A Survey of Philippine Folk Epics." *Asian Folklore Studies* 22 (1963): 13

rito. Nang inilagay na ng Diyos ang tadyang sa mesa sa layuning isagawa ang nararapat na seremonya, kinuha ng kauna-unahang aso sa langit ang tadyang at tumakbo. Sinugo ng Diyos ang isang anghel na may espada upang kunin ang tadyang. Ngunit mas mabilis na tumakbo ang aso kaysa anghel, kaya sa galit ay inihagis ng anghel ang espada niya, na nagdulot ng pagbagsak ng buntot ng aso, nahiwa ito at nahiwalay mula sa mismong katawan. Binitbit ng anghel ang buntot ngunit tinalop ang balat nito hanggang sa magmukha na itong tadyang. Nang makita ng Diyos ang buto, isinagawa niya ang nararapat na seremonya, at binagong- anyo ang buto tungo sa pagiging isang magandang babae na tinawag niyang Eba. Gayunpaman, hindi alam ng Diyos na hindi ito isa sa mga tadyang ni Adan, bagkus ay buntot ng kauna-unahang aso sa Paraiso.

Ito ang dahilan kung bakit sa kasalukuyang panahon, nakikita natin na ang mas mahinahong kasarian ay ginagabayan ng mga kasapi ng mas malakas na kasarian, tulad ng kung paanong ang buntot ng aso ay ginagabayan ng pangunahing bahagi ng katawan ng aso.

Tala: Hindi ito pangkalahatang paniniwala, bagkus ay isang kuwento lamang ng paglikha sa aking bayan.

Maynila,
Hulyo 30, 1924

Kung Paanong Tumulong ang Isang Daga sa Pagpapaamo ng Isang Pasaway na Misis (Pabula)

Mayroong isang reyna sa isang kaharian kung saan ang kanyang mister ay matagal nang namatay. Mayroong nananahan sa parehong kaharian na isang lalaki na sinasabing nakaaalam ng wika ng lahat ng hayop, partikular na ng mga daga.⁹⁰ Hiniling ng lalaking ito sa reyna na maging asawa siya nito, at pumayag ang reyna kaya nagpakasal silang dalawa. Nakaugalian ng lalaki na lumabas tuwing umaga upang magtrabaho kung saan man, at bumalik lamang sa gabi upang matulog kasama ang reyna. Sa wakas ay napagod na ang reyna sa

⁹⁰ Sa ilang kuwentong bayan ng mga Pilipino, tinitingnan ang daga bilang isa sa mga unang hayop na lumitaw sa mundo. Noong unang panahon, ang mundo ay nababalutan ng kadiliman at natatakpan ng langit ang mundong ibabaw. Mula sa “bao ng niyog” lumabas ang daga at kalauna’y lumalaki ang kanyang sukat at tatawagin bilang si Angngalo, na maikukumpara kay Atlas ng mga Griyego. Sa mitolohiyang Griyego, si Atlas ang pinagbuhat ni Zeus bilang kaparusahan. Tingnan, Francisco Demetrio, “Creation Myths among the Early Filipinos,” *Asian Folklore Studies* 27, blg. 1 (1968): 50, 52.

ginagawa ng asawa, at hiniling niya rito na huwag na itong babalik araw-araw, maliban na lamang kung gabi, at sapagkat siya ang reyna ay sumunod ito sa kanya.

Tumungo ang kaawa-awang mister sa kanyang kaibigang daga, at humingi siya ng tulong. Sinabihan siya ng daga na maghanda para sa sumunod na araw, dahil titingnan nila kung ano ang ginagawa ng kanyang misis tuwing umaga. Kaya nagsimula ang daga na lumikha ng butas sa kisame, na sapat lamang ang laki upang makasilip ang lalaki. Nagmamay-ari ang reyna ng isang singsing na may bato na kayang ikubli ang anumang naisin niya. Nakita ng daga at ng lalaki ang reyna na may kasamang binata,⁹¹ kaya sobrang nagselos ang mister at lumapit sa dalawang salarin. Nang lumabas siya mula sa pinagtataguang lugar, biglang nawala ang lalaki sa tabi ng reyna.

Pagkatapos ay binigyan ng daga ang kanyang kaibigan ng singsing na makatutupad sa anumang hilingin ng lalaki, at isa pang singsing na habambuhay maikukubli ang anumang nakakubli. Sinabihan ng daga ang lalaki na maghanda ng isang pista kung saan ang reyna ay isang pinararangalang bisita. Sinunod ito ng lalaki at nang pumasok na ang reyna, ginamit niya ang singsing upang limitaw ang dalawang dalaga, na niyakap niya at hinalikan. Nang makita ng reyna ang eksenang ito, hindi siya nagsalita, bagkus ay hiniling niya sa isang binata mula sa kanyang singsing na maging kapareha siya nito. Sa pamamagitan ng kanyang singsing, itinago ng mister ang dalawang dalaga, at ganito rin ang ginawa ng reyna sa pamamagitan ng tulong ng kanyang singsing. Pagkatapos ay ginamit ng mister ang ikalawang singsing upang itago habambuhay ang kapareha ng reyna, at hiniling niya sa unang singsing na limitaw muli ang dalawang dalaga, at nangyari ito. Sinubukang gamitin ng reyna ang singsing niya upang magkaroon ng kapareha ngunit hindi ito gumagana. Kaya sobrang nagselos ang reyna, hanggang sa nagmakaawa siya sa kanyang asawa na pawalain na habambuhay ang dalawang dalaga, at hindi na siya gagawa ng anumang ikasisira ng dangal ng lalaki.

⁹¹ Tipikal sa ilang pamayanang Pilipino, mula sinaunang panahon hanggang kasalukuyan, ang “pangangabit.” Bagaman, ang kuwentong ito ni Andres ay tumuon sa pagtataksil ng babae o reyna, sa kasaysayan ng mga Pilipino, may ilang katawagang inilarawan ang mga prayleng Español tungkol sa mga babaeng ginagawang “kabit.” Halimbawa nito ay ang *caapid* o kaapid, *calunia* o kalunya, *inaafava* o inaasawa, kalaguyo, sandil, pangapol, at kaagulo. Para sa komprehensibong pagpapaliwanag, tingnan, Nancy Kimuell-Gabriel, “Asawa at Inaasawa: Ang Kalaguyo sa Kasaysayan mula Prekolonyal hanggang Pananakop ng Kastila,” *Scientia Journal* Special Issue (2011): 153-190.

Ganito ang naging pagpapaamo sa suwail na misis, na naganap sa pamamagitan ng tulong ng daga.

Manila

Agosto 20, 1924.

Ang Alamat ni Maria Quina ng Chorillo⁹²

Sa tinatawag ngayong Marikina sa probinsya ng Rizal, mayroong isang bukal, na mayroong tubig na pinaniniwalaang nakapagpapagaling ng mga taong may tuberculosis.⁹³ Ito ang dahilan kung bakit maraming pumupunta rito

⁹² Isa itong bagong bersiyon ng kuwentong bayan ng Marikina. Ang tipikal na kuwento ay tungkol sa isang prayleng Español na ang pangalan ay Mariquina. Siya ay nagpagawa ng *visita* sa kasalukuyang kinalalagyan ng Jesus dela Peña at isinunod sa kanyang karangalan ang Kristiyanismong naipalaganap sa pamayanan. Ang isa pang bersiyon ay tungkol sa napagkamaliang dinig ng prayle habang tinatanong ang kalagayan ng pagtatayo ng *visita* sa pamayanan. Ang inakala o pagkakaintindi ng mga katutubo ay tinatanong ng prayle ay “kung anong lugar ito,” kaya’t agad nilang sinagot ang prayle ng “Marikit na po” o “Maganda na po.” Kung papansinin, tipikal ang ganitong “napagkamaliang dinig” bilang paliwanag sa etimolohiya ng ilang lugar sa Pilipinas. Tingnan bilang halimbawa ang Kalamba (kalan at banga) na nabuo ‘dumano sa pag-uusap ng magbabangang babae at Español; “Kaban ng Tuwa” o Cabanatuan; “Para na aquí” para sa Parañaque, at marami pang iba. Samantala, ang ikatlong bersiyon ay tungkol sa mayamang babae na si Mari Quina na tumulong sa kanyang mga kababayan. Ito ang dahilan kung bakit may malaking istatwa si Mari Quina sa kasalukuyang Marikina River Park. Ang isa pang bersiyon ay buhat sa pangalan ng Mariquina, isang bayan sa España na malapit sa Ilog Charmaga kung saan nagmula ang isang Heswitang prayleng nagtatag ng *visita* sa Jesus dela Peña. Ang ganitong paglilipat ng pangalan sa Pilipinas mula sa mga lalawigan sa España ay tipikal noon sa mga Español. Tingnan bilang halimbawa ang lalawigan ng Caceres na isinunod sa noo’y Kabikolan; Segovia = Cagayan; Arevalo = Iloilo; Cordova = Cebu; Eciija = Nueva Eciija; Vizcay/Biscay = Nueva Vizcaya; at marami pang iba. Samantala, may isang bersiyon si Trinidad Pardo de Tavera na ang Mariquina ay mula sa karangalan ni Felix Berenguer de Marquina na namuno sa bayan noong 1788. Tingnan, Cuneta, *Aklat Kasaysayan ng Kamaynilaan*, 134; Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 51-52, n. 2.

⁹³ May konteksto kung bakit tuberculosis ang inilakip na sakit sa kuwentong bayan na ito. Taong 1924 ito isinulat ni Andres. Ibig sabihin, panahon ito ng mga Amerikano kung kailan malawakang inaapula ang malalang epidemya. Ayon sa 1907 *Sanitary Code of Manila*, ipinagbabawal noon ng mga Amerikano ang pagdudura sa mga pampublikong lugar, pagwawalis sa mga tuyong lugar, at ipinagutos ang sapat na bentilasyon sa bawat tahanan. Idineklara noon ang tuberculosis bilang isa sa malalang sakit na mabilis lumaganap, kasama ang *bubonic plague*, kolera, at *small pox*. Tingnan, Aaron Moralina, “State, Society, and Sickness: Tuberculosis Control in the American Philippines, 1910-1918,” *Philippine Studies* 57, blg. 2 (2009): 181. Sa kaso ng Mariquina, kung nailakip sa kuwentong bayan ang tuberculosis, may historikal na tala naman tungkol sa kolera at *small pox*. Ayon sa talaan ng *Philippine Health Records* noong 1902, sa pagitan ng 1902-1904, 170,000 ang naitalang kaso ng kolera sa bayan ng Mariquina, 86 ang naitalang kaso sa mga Mariqueño at 62 ang nasawi mula Mayo hanggang Disyembre 1902 kaya’t ipinagbawal noon ang pag-inom ng tubig mula sa ilog. Samantala, may ilang kaso rin ng *small pox* o bulutong sa Mariquina. Ito ang sakit na kinamatay ng ilang anak ni Kapitan Moy. Tingnan, Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 74, n. 14.

upang maligo at uminom mula sa tubig nito. Sa kasalukuyan, isa na itong bakasyunan tuwing tag-init ng mga mamamayan ng Marikina at mga kalapit na bayan. Mayroong kuwentong nalikha ukol sa “Chorillo,”⁹⁴ kaugnay ng unang taong napagaling ng tubig na nagmumula sa bukal na iyon.

Mayroong magandang dalaga na nagngangalang Maria Quina, na anak ng mayamang lalaki na nagngangalang Don Jesus de la Peña. Siya ay nakatak dang ikasal sa isang mahirap na lalaki na nagngangalang Carlos Lopez. Hindi gusto ng mayamang ama ni Maria na maging manugang si Carlos, kaya ipinag-utos niya kay Maria na huwag nang makikipagkita muli sa binata.⁹⁵ Ang galit ni Don Jesus kay Carlos ay lalo pang pinatindi ng kainitan ng ulo niya na dulot ng sakit niyang tuberkulosis. Sinasabing lahat ng may tuberkulosis ay mainitin ang ulo, at hindi naiiba rito ang lagay ni Don Jesus. Yamang pinagbabawalan siyang kitain si Maria sa bahay nito, nakiusap siya rito na makipagkita sa kanya sa kalapit na bahay, malapit sa bukal kung saan umiinom ng tubig ang mga tao ng lugar na iyon. Sinunod ni Maria ang hiling kaya nagkita sila malapit sa bukal. Labis na malungkot ang pagtatagpo ng dalawang magsing-irog sukdulang tumulo ang mga luha mula sa kanilang mga mata, at nahulog at humalo sa tubig na nasa bukal. Nagulat ang magsing-irog nang tumingin sila sa tubig ng bukal, dahil nakita nilang bumubula ang tubig. Nang matapos ang pagbulang ito, nakarinig sila ng tunog mula sa bukal na nagsasabing makapagpapagaling ang tubig mula sa bukal na iyon ng sinumang tao na may karamdamang tuberkulosis. Ang kahiwagaan ng pangyayaring ito na nagdulot ng kanilang pagkagitla ay ang katotohanan na walang anumang katawan sa bukal na pinagmulan ng mga salitang iyon. Pagkatapos ay naalala ni Maria ang ama niyang may tuberkulosis, at upang gumanda ang tingin ng kanyang ama sa kanyang mangingibig, sinabi niya rito na kayang pagalingin ni Carlos ang karamdamang mayroon siya. Siyempre, bagaman galit ang ama kay Carlos, kailangan niyang subukan si Carlos kaya pinapunta niya ito sa kanyang tahanan. Inutusan ni Carlos si Maria na sumalok ng tubig mula sa “Chorillo,” at dinala ni

⁹⁴ May isa pang bersiyon tungkol sa Chorillo. Noong matuklasan ng mga Agustino ang tubig-bukal o tinatawag na *manantial* sa kasalukuyang hangganan ng Quezon City at Barangka, Marikina, tinawag na itong *Chorillo*. Tingnan, Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy,” 59-60, n. 6.

⁹⁵ Tipikal sa mga kuwentong Pilipino ang ganitong “pagtutol” ng mga magulang sa pag-iibigan ng mayaman at mahirap na lalaki. Para kay Resil Mojares, ito ay konseptong *gugmang kabus*. Inilarawan ni Mojares, gamit ang konseptong Sebwan, ang pag-ibig ng dalawang nagmamahalan na may magkaibang katayuang panlipunan (kadalasan ay mahirap ang lalaki at mayaman ang babae), sa pagitan ng *langit* at *yuta* (lupa) o *lana* (langis) at *tubig*. Kapansin-pansin din dito ang kontrabidang magulang (kadalasan sa panig ng babae). Sa kaso ng kuwentong ito ni Andres, si Don Jesus ang kontrabida sa mahirap na si Carlos. Cf. Resil Mojares, *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017), 100-101

Maria ang kinakailangang tubig na nakalagay sa isang bote. Nang inumin ni Don Jesus ang tubig, uminam ang kanyang pakiramdam, at kinabukasan ay wala na siyang tuberkulosis, bagkus ay isa na siyang malakas na matandang lalaki.

Bilang pagtanaw ng utang na loob kay Carlos, ipinag-utos niyang maikasal si Maria kay Carlos, kaya naman naikasal na ang dalawa. Nakilala ang mag-asawa sa buong bayan bilang tagapagpagaling ng karamdaman, at sa sobrang katanyagan ni Maria Quina, pinangalanang Mariquina ang buong bayan bilang parangal sa kanya, at ang baryo kung nasaan ang Chorillo ay pinangalanang Jesus de la Peña bilang pagkilala sa unang taong pinagaling ng tubig mula sa bukal na iyon.

Maynila
Agosto 29, 1924

Si Juan Matakaw at ang Guinatan (Isang Katawa-tawang Kuwentong Tagalog)

Mayroong isang magandang dalaga sa bayan ng Marikina na nagngangalang Juana, na nakapisan sa kanyang ina na si Doña Benita. Sa sobrang kagandahan niya, napakaraming binata ang nag-aalay sa kanya ng pag-ibig. Isa sa mga ito si Juan, na kilala sa pagiging matakaw. Isang gabi, tumungo si Juan sa tahanan ni Juana. Nagkataong gumawa ng “guinataang pinipig”⁹⁶ si Juana at ang kanyang ina. Habang kumakain sila, dumating si Juan. Niyaya nilang kumain si Juan, ngunit tumanggi ito dahil sa pagkahiya. Kaya kinailangan ni Juana at ng kanyang ina na kainin ang “guinatan” nang wala si Juan. Hiniling ni Juan mula sa nanay na hayaan siyang lumabas, kaya hinayaan siya nitong lumabas ng kuwarto. Matapos na maubos ang kanilang pagkain, lumabas ang dalawa upang tumungo sa tindahan. Nang makita ito ni Juan, pumanik siya sa hagdan at kinain ang lahat ng natirang “guinatan,” ngunit nang malapit na siyang matapos,

⁹⁶ Hindi matukoy ang konteksto ng *guinataang pinipig* sa lipunang Mariqueño. Posible kayang isa ito sa kilalang delikasiya noon sa Marikina, na gaya ng *waknatoy* o isang uri ng menudo na nagmula mismo sa Marikina? Gayunpaman, ang pinipig o pilipig ay isang murang bigas na niluluto gamit ang gata ng niyog o tsokolate. Tingnan, Barbara Kirshenblatt-Gimblett at Doreen Fernandez, “Culture Ingested: On the Indigenization of Philippine Food,” *Gastronomica: The Journal of Food and Culture* 3, blg. 1 (2003): 70.

dumating ang dalawa. Gusto niyang magtago, kaya ang ginawa niya ay umakyat sa isang “paga”⁹⁷ at hinintay ang pag- alis ng dalawa.

Sa oras na iyon, nagpasya si Juana na walisin ang kisame ng bahay. Sa oras ding iyon, iniisip ni Juan na kumilos, ngunit hindi niya magawa sa pagkahiya na bumaba. Pagkatapos ay nakakita siya ng isang bunot, at itinapat niya sa kanyang puwet upang mapigilan ang pagkahulog ng dumi. Habang winawalis ni Juana ang kisame, napansin niya ang bunot sa “paga,” kaya tumungo siya rito at hinugot ito, at tumapon sa mukha niya ang maraming dumi ni Juan. Ganyan ang kuwento ni Juang “matakaw” at ng guinatan.

Maynila
Setyembre 15, 1924

Customary Law Paper No. 35
(Tagalog #626)

NAKAUGALIANG MGA BATAS SA MARIKINA AT PATEROS, RIZAL
ni Rosendo de Guzman

Buod:

1. Kasal
2. Bautismo
3. Pagpapamana
4. Agrikultura, Pamamastol, at Industriya
5. Pista

Maynila Disyembre, 1927

ULAT UKOL SA NAKAUGALIANG MGA BATAS SA PILIPINAS
ni Rosendo de Guzman (Marikina at Pateros, Rizal)

⁹⁷ Isang silid o *attic* na yari sa kawayan.

Ang mga sumusunod ay mahigpit na sinusunod sa aming bayan bilang nakaugaliang mga batas, na anumang paglabag sa anuman sa mga ito ay siguradong magdudulot ng ganap na kaparusahan o mga katumbas nito:

1. Ang mga taong gustong magpakasal ay dapat munang mag-anunsyo ng kanilang pangalan sa publiko nang walo o sampung ulit sa pamamagitan ng kampana ng simbahan upang makasigurado na ang taong magpapakasal ay walang ibang mangingibig bukod sa pangalang iniaanunsyo. Bago isagawa ang kasal, kinakailangan muna ng lalaking ikakasal na magbigay sa magulang ng babae ng ilang halaga ng salapi o katumbas nito, na tinatawag sa Tagalog na “bigay- kaya.”⁹⁸
2. Ang mga tao na tumatayong ninong⁹⁹ ng isang bininyagang sanggol ay inaasahan ng mga magulang ng sanggol na mag-abot sa sanggol ng ilang halaga ng salapi na tinatawag sa Tagalog na “pa-qwisit.”¹⁰⁰ Gayunman, ang kaugaliang ito ay hindi mahigpit na sinusunod.
3. Pangkaraniwan ding kaugalian sa aming bayan ang bawian ng ama ng mana ang kanyang anak o mga anak, kapag napatunayan na marahas o pinagkasalaan nito ang ama.

⁹⁸ Tipikal ang “bigay-kaya” sa nagliligawang babae at lalaki. Ngunit, sa oras na dumating na sila’t naikasal o ganap nang mag-asawa, sa kaso ng Marikina halimbawa, hindi gaanong pinapayagan ng asawang babae na magtrabaho sa loob ng bahay ang kanyang asawang lalaki. Liban na lamang kung boluntaryong gagawin o tutulong sa gawaing bahay ang asawang lalaki. Tingnan, Adelamar Alcantara, “Gender Roles, Fertility, and the Status of Married Filipino Men and Women,” *Philippine Sociological Review* 42, blg. 1- 4 (1994): 99.

⁹⁹ Sa kulturang Pilipino, ang ganitong relasyon o ugnayan ng mga pamilya ay kilala bilang *compadrazgo*. Naipakilala ang *compadrazgo* (*co-parenthood*), kasama ang kultura ng *padrino/a* at *quinceañera* sa Pilipinas ng mga Español-Mehikano noong dantaon 16. Likas sa mga Pilipino ang pahalagahan ang pamilya, kamag-anak, o kamag-anakan, kaya’t paraan nila ito upang palawakin ang pamilya sa anyo ng kasalan, kumpil, at binyag (pag-aanak sa kasal, kumpil, o binyag). Pinagtibay ang relasyong ito bilang halimbawa ng *quasi-family* o *semi-family* – i.e. ang mga anak ng iyong ninang at ninong ay iyong magiging kinakapatid. At dahil inaanak mo ang kanyang anak, ang magiging relasyon mo sa huli ay isang *compadre/kumpadre* o *comadre/kumadre* = pare/pre o mare. Tingnan, Yasushi Kikuchi, “The Concept of Corporate Group in Cognatic Forms: Dynamic Aspect in the Philippines,” nasa *Philippine Kinship and Society*, pat., Yasushi Kikuchi (Quezon City: New Day Publishers, 1989), 27-47; Bradford Smith et al., *Philanthropy in Communities of Color* (Bloomington, Indiana: Indiana University Press, 1999), 152.

¹⁰⁰ Mas kilala ito ngayong panahon bilang *pakimkim*. Ito ay isang regalo sa anyo ng salapi o bagay sa tuwing binibinyagan ang inaanak. Sa ibang lipunan, ang *pakimkim* ay katumbas ng *mun yuht laih sih* ng mga Tsino; *oiwai* ng mga Hapones; at *bolo, batea*, o *aguacero* ng mga Mehikano. Smith et al. *Philanthropy in Communities of Color*, 152.

4. Hindi rin kakaiba sa aming bayan na mag-ambag ang kapitbahay o mga kapitbahay ng ilang halaga ng pera, kanin, o katumbas nito sa pamilyang mahirap, mga taong puno ng kamalasan, o sa pamilyang namatayan ng kamag-anak.
5. Ang mga may-ari ng malalaking kawan ng mga baka, kambing, at kalabaw, alinsunod sa kaugalian, ay kailangang butasan ang kanilang mga hayop o putulin ang tainga o sungay ng mga ito upang maging tanda ng pag-aari.¹⁰¹
6. Kinakailangan ng mga may-ari ng baka, baboy, aso, at iba pa na alagaan nang mabuti ang kanilang mga hayop, dahil kapag nasira ng mga ito ang mga bakod ng kanilang kapitbahay (baka), nakain ang mga halamang tanim ng iba (baboy), o nakagat ang ibang tao, kailangan nilang magmula alinsunod sa sirang naidulot ng mga ito.
7. Sa panahon ng pagtanim, karaniwang humihiram ng pera ang mga magsasaka mula sa mga mayayamang tao. Ginagastos ang perang ito para sa trabaho sa sakahan at para sa ibang pang- araw-araw na pangangailangan sa taon na iyon. Binabayaran ng magsasaka ang kanyang utang sa panahon ng anihan, sa anyo ng kanin, kasama ng ilang halaga na tinatawag sa Tagalog na “patubo” o “sa palay.”

¹⁰¹“Hero” ang tawag sa Marikina bilang tanda na pag-aari ng isang tao ang isang kalabaw. Noong Oktubre 7, 2022, nagkaloob si Diony Cruz Andres sa mga tagasalin ng isang dokumentong napetsahan ng Oktubre 7, 1967 hinggil sa pagbebenta ng kanyang ama ng kalabaw nito. Ito ang transkripsiyon ng mismong dokumento:

Oktubre 7, 67

PAGPAPATUNAY SA SINO MANG KINAUUKULAN:

Pinatutunayan ko na sina Pablo Andres at Jose Angeles, kapuwa may sapat na gulang, na sila ay nagkasundo na magbilihan ng kalabaw na walang “Dokumentto o Hero”, dahilan sa ang nasabing kalabaw ay wala pang sapat na gulang upang lagyan ng Hero.

Ang patunay na ito ay ginawa sa kahilingan ng magkabilang panig upang maging patibay na nakabili at madala sa kanilang lugar.

PABLO ANDRES
Nagbili ng Kalabaw

JOSE ANGELES
Bumili ng Kalabaw

Nagpapatunay
LOPE FERNANDO
Punong Nayon

8. Nakaugalian din sa aming bayan, na kapag ang isang tao na nagtatrabaho sa isang pagawaan ng sapatos ay lumipat sa ibang pagawaan, hindi na siya makababalik, o makararanas ng hirap kapag tinangkang bumalik sa iniwang pagawaan.
9. Nakaugalian din sa aming bayan na sa tuwing mayroong pista o kakaibang okasyon na parating, lahat ng mga tao sa komunidad ay dapat na lumahok sa anumang aktibidad na isasagawa ng bayan. Ang mga tao ay hinihiling na tumulong sa pagtatayo ng espasyo na paggaganapan ng pampublikong drama, at iba pa. Inaasahan din na makikipagtulungan ang mga kabataan sa paglutas sa ilang suliranin na nakagagambala sa komunidad tulad na lamang ng pagtataboy sa mga balang. Ang pagkabigo na sundin ang mga kinakailangang ito ay magbubunga ng pagmumulta ng piso (₱1.00) o piso't limampung sentabo (₱1.50).

ANG UGALI AT PALAKAD NG ISANG PUNONG-BAYAN NA,
NGAYON AY PRESIDENTE MUNICIPAL KUNG TAWAGIN, NOONG
PANAHOON NG KASTILA NA NAHALAW KO SA AKING ALA-ALA, AY
ITONG MGA SUMUSUNOD¹⁰²

Nang panahong iyon, ang isang punong-bayan, ay halos matatawag na isang munting “ZAR” sapagkat nag-uutos at sinusunod naman ng mamamayan nang walang batas na pinagkukunan o pinagsasaligan, nakapagpapabilanggo ng tao sa bilanguang-bayan hanggang 30 araw nang walang paglilitis, nakapagpapalo ng mula sa isa hanggang 25 palo sa sinumang nagkasala (matangi kung babae) at nakapagpapangaw ng isa o dalawang paa nang patihaya o pataob at iba-ibang parusa na maibigan (huwag lamang mamatay).

At sapagkat nang panahong iyon, ay magkasama ang pamahalaan at ang simbahan, ay nakapag-uutos ang nasabing punong-bayan, doon sa mga taong kung tawagin, ay polistas (1) na gumawa ng tulay na dadaanan ng prusisyon kung mahal na araw, ng Endramada sa loob ng patio ng simbahan kung magpipista ng bayan, Honsanahan kung maglilinggo ng Ramos, at iba pa nang walang bayad ni paminandal man lamang; anupa't sa maliwanag na pagsasabi, ay kung ano ang pagkaisahan ng punong bayan at ng kura paroko, ay iyon ang batas.

¹⁰² Ang bahaging ito ay hindi isinalin ng mga may-akda, orihinal na itong naisulat sa wikang Filipino

Rosendo: sa mga sandaling ito, ay wala akong naaalaala sa mga ulat na hinihingi mo sa akin tungkol sa kalakaran ng mga puno noong unang dako, kundi ang nasa itaas nito.

(Sgd.) JULIAN
CRISOSTOMO

(1) Ang mga taong hindi nagkakapitan o nagpupunong-bayan, hindi nagkakabisa at nagtitininti.

—

Ito ang tala na ipinadala sa akin ng aking lolo nang itanong ko sa kanya ang ilang nakaugaliang mga batas sa aming bayan.

Rosendo de Guzman

SANGGUNIAN

Mga Aklat

Abejo, Raymund Arthur. *Ang Nawaglit na Tahanan: Mga Bagong-Tuklas na Tala Ukol kay Rizal at mga Taga-Kalamba*. Manila: National Archives of the Philippines, 1997.

Bankoff, Greg. "Storms of History: Water, Hazard, and Society in the Philippines, 1565-1930." *Nasa A World of Water: Rain, Rivers, and Seas in Southeast Asian Histories*, pat. Peter Boomgaard, 153-183. Brill, 2007.

_____. *Crime, Society, and the State in the Nineteenth Century Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012.

_____. "A Tale of Two Cities: The Pyro-Seismic Morphology of Nineteenth-Century Manila." *Nasa Flammable Cities: Urban Conflagration and the Making of the Modern World*, mga pat., Greg Bankoff, Uwe Lubken, at Jordan Sand, 170-189. University of Wisconsin Press, 2012.

Bayliss, Clara Kern, Laura Estelle Watson Benedict, Fletcher Gardner, Berton Maxfield, at W.H. Millington. *Philippine Folk-Tales*. Project Gutenberg, 2004.

Bellwood, Peter. "Austronesian Prehistory in Southeast Asia: Homeland, Expansion and Transformation." *Nasa The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, mga pat. Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron, 103-118. Australian National University Press, 2006.

Bernardo, Fernando. *Gems of Philippine History: Inspiring Lives of 150 Great Filipinos*. Laguna: FABEN Associates, 2011.

Blair, Emma Helen at James Alexander Robertson, mga pat. at tsln. *The Philippine Islands, 1493- 1898, 55 Volumes*. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909.

Buzeta, Manuel at Felipe Bravo. "The Ecclesiastical System in the Philippines." *Nasa The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXVIII*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 266-289. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1850.

- Constantino, Ernesto Andres. Pat. *Selected Writings of Cecilio Lopez in Philippine Linguistics*. Quezon City: Archives of Philippine Languages and Dialects, Philippine Linguistics Circle, University of the Philippines, 1977.
- Constantino, Renato at Leticia Constantino. *Mga Teksbuk ng World Bank: Pakana ng Paglilinlang*, tsln. Ma. Luisa Torres. Quezon City: Linangan ng Kamalayang Makabansa, 1979.
- Cortes, Rosario Mendoza. *Pangasinan, 1901-1986: A Political Socioeconomic and Cultural History*. Quezon City: New Day Publishers, 1990.
- Cuneta, Armando, pat. *Aklat Kasaysayan ng Kamaynilaan*. Manila: KASAFI-MM, 1997.
- Diaz, Casimiro. "The Augustinians in the Philippines, 1670-1684." Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLII*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 117-312. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1718.
- Doeppers, Daniel. *Feeding Manila in Peace and War, 1850-1945*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2016.
- "Events in the Filipinas, 1686-88." Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XXXIX*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 131-148. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, w.tn.
- Hernandez, Jose Rhommel. *Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Filipino sa Cavite ni Don Telesforo Canseco 1897*. Quezon City: Philippine Dominican Center of Institutional Studies, 1999.
- Horridge, Adrian. "The Austronesian Conquest of the Sea – Upwind." Nasa *The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, mga pat., Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron, 143-160. Australian National University Press, 2006.
- Jens, Walter. *Ang Pagguho ng Troya*, tsln. Zeus Salazar. Manila: Kalikasan Press, 1989.

- Joaquin, Nick. *Manila, My Manila: A History for the Young*. Manila: Vera-Reyes, 1990.
- Kikuchi, Yasushi. "The Concept of Corporate Group in Cognatic Forms: Dynamic Aspect in the Philippines." Nasa *Philippine Kinship and Society*, pat. Yasushi Kikuchi, 27-47. Quezon City: New Day Publishers, 1989.
- Kunio, Yoshihara. *Ang Pag-unlad ng Ekonomiyang Hapones*, tsln. Zeus Salazar at Proserpina Tapales. Manila: Solidaridad Publishing House, 1990.
- Longfellow, Henry Wadsworth. *Evangeline: Kasaysayan ng Akadya*, tsln. Amado Tinio Sr. Isabela: Golden Gate Book Supply, 1948.
- Lopez, Cecilio. *Origins of Marikina*. Marikina City: Marikina Historical Society, w.tn.
- Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation (Pag-akda ng Bansa)*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000.
- Malay, Paula Carolina at Carolina Malay, mga tsln. Nasa *Puso ang Amerika: Kasaysayang Buhay ni Carlos Bulosan*. Quezon City: Anvil Publishing, Inc., 1993.
- Manuel, E. Arsenio. *Dictionary of Philippine Biography, Volume 1*. Quezon City: Filipiniana Publications, 1955.
- Marx, Karl at Friedrich Engels. *Ang Manifesto ng Partido Komunista*. Isinalin mula sa orihinal na Aleman nina Karl Marx at Friedrich Engels at nilapatan ng anotasyon ni Zeus Salazar. Bagong Kasaysayan, Lathalain blg. 10. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2000.
- Mojares, Resil. *Interrogations in Philippine Cultural History: The Ateneo de Manila Lectures*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.
- National Historical Institute of the Philippines (NHI). *Filipinos in History Vol. 3*. Manila: National Historical Institute of the Philippines, 1992.
- Navarro, Atoy. "Mga Akdang Likasyan sa Konteksto ng Pagsusulat ng Makabago at Napapanahong Kasaysayang Pampook sa Pilipinas." Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy

Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre, 32-45. Diliman, Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan at UP Lipunang Pangkasaysayan, 2012.

Ocampo, Nilo, pat. at tsln. *Austin Coates; Rizal: Makabayan at Martir*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2011.

Olenin, A. at V. Makarenko. *Ang Unyong Sobyet at ang Pilipinas: Kahapon at Ngayon*. Manila: Novosti Press Agency, 1983.

Orillos-Juan, Ma. Florina. "Isang Sulyap sa Pananalanta ng Pesteng Balang sa Lalawigan ng Pampanga sa Huling Hati ng Dantaon 19." Nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre, 205-225. Diliman, Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 2012.

Pelorina, Renato. "Espasyo at Pook-Pangayawan: Pagsasakasaysayan at Pagsusuri sa Masbate Bilang Tagpuan ng mga Etnolingguwistikong Grupo (1837-1939)." Nasa *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Bayan at Paghahanap ng Ginharwa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat., Vicente Villan at Kristoffer Esquejo, 147-184. Manila: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., at National Commission for Culture and the Arts, 2021.

Pigafetta, Antonio. *Unang Paglalayag Paikot ng Daigdig*, tsln. Phillip Kimpo. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2017.

Rafael, Vicente. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Ithaca and London: Cornell University Press, 1988.

Rahmann, S. V. D. Rudolf at Gerturdes R. Ang. mga pat. *Dr. H. Otley Beyer: Dean of Philippine Anthropology (A Commemorative Issue)*. Cebu City: University of San Carlos, 1968.

Rodao, Florentino. "Ang Falange sa Pilipinas, 1936-1945, tsln. Diosdado Asuncion at Trinidad Regala." Nasa *Pagbabalik sa Bayan: Mga Lektura sa Kasaysayan ng Historiograpiya at Pagkabansang Pilipino*, pat. Ferdinand Llanes, 126-154. Manila: Rex Book Store, 1993.

- Salamanca, Bonifacio. "Ang Pagpapaamo sa Nasyonalismo sa Kapanahong Kasaysayan ng Europa, tsln. Z Salazar." Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, pat. Zeus Salazar, 412-422. Diliman, Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974.
- Salazar, Zeus A. "Mula sa Patnugot." Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Larwak*, pat. Zeus Salazar, ix-x. Quezon City: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974.
- _____. "Panunuring Aklat II: Yu Levtonova, Istoriya obshchestvennoij Mysli na Filippinakh (vtoroya polovina xix.v.)." Nasa *Mga Bagong Pag-aaral sa Wika, Literatura, at Kultura; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, XXVII – XXVIII, pat. Zeus Salazar, 520-530. Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974.
- _____. "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino." Nasa *Mga Bagong Pag-aaral sa Wika, Literatura, at Kultura: Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, XXIII-XXIV, pat., Zeus Salazar, 53-81. Quezon City: University of the Philippines, Diliman, 1975.
- _____. "George Fischer. Un Cas de decolonisation Les EtatsUnis et les Philippines." Nasa *Isang Panunuring Aklat sa Kasaysayan 1*, pat. Zeus Salazar, 219-222. Quezon City: Publikasyon ng Departamento ng Kasaysayan, Dibisyon ng Agham Panlipunan at Sining, UP, 1977.
- _____. "Sulat sa Patnugot mula kay Yu Levtonova, Salin at Sagot ng Patnugot." Nasa *Isang Panunuring Aklat sa Kasaysayan 1*, pat. Zeus Salazar, 237-241. Quezon City: Publikasyon ng Departamento ng Kasaysayan, Dibisyon ng Agham Panlipunan at Sining, UP, 1977.
- _____. pat. *Ang P/Filipino sa Agham Panlipunan at Pilosopiya*. Manila: Kalikasan Press, 1991.
- _____. *Mga Tula ng Pag-iral at Pakikibaka: Salin at Akda*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2001.
- Salonga, Isayas, pat. "Rizal Province Directory, History, Government and General Information with the Full Text of the Philippine Independence

Law.” Nasa *The United States and its Territories 1870-1925 The Age of Imperialism*, 1934.

San Agustin, Gaspar de. “Letter on the Filipinos.” Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume XL, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 183-295. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1720.

San Antonio, Juan Francisco de. “The Religious Estate in the Philippines.” Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*; Volume XXVIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 104-162. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1738.

Saniel, Josefa. “Ang Pag-aaral ng Isang Erya: Isang Pagtatampok ng Multi-disiplinaryong Pamamaraan sa Pag-aaral ng mga Agham-Panlipunan, tsln. Irma Pereyna.” Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak; Dyornal ng Malawakang Edukasyon*, pat. Zeus Salazar, 388-403. Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974.

Santos, Mark Joseph P. “Panimula: Ang Guro sa Bahay Escaler.” Nasa *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*, mga pat., Mark Joseph Santos at Axle Christien Tugano, 1-9. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2019.

_____. “Araling Marikina: Kalikasan, Kasaklawan, Tunguhin, at Bibliograpiya.” Nasa *Araling Marikina: Mga Sanaysay*, mga pat., Axle Christien J. Tugano at Mark Joseph P. Santos. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, forthcoming.

Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman. *Anotasyon ng mga Tesis at Disertasyon sa Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2018.

Smith, Bradford, Sylvia Shue, Jennifer Lisa Vest, at Joseph Villareal. *Philanthropy in Communities of Color*. Bloomington, Indiana: Indiana University Press, 1999.

Spengler, Oswald. “Ang Pag-aaral sa Kasaysayang Pandaigdig, tsln. Zeus Salazar.” Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak; Dyornal ng Malawakang*

Edukasyon, pat., Zeus Salazar, 38-57. Diliman, Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1974.

Velarde, Pedro Murillo. "Jesuit Missions in the Seventeenth Century." Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898; Volume XLIV*, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 27-119. Cleveland: The Arthur and Clark Company, 1903-1909, 1749.

Yefimov, Dmitri. *Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang Tadhana ng mga Asyano at Aprikano*. Manila: Novosti Press Agency, 1983.

Zamora, Mario D. pat. *Studies in Philippine Anthropology (In Honor of H. Otley Beyer)*. Quezon City: Alemar Phoenix, 1967.

Zuñiga, Joaquin Martinez de. *Historia de Filipinas*. Manila: Fr. Pedro Argueles, 1803.

Artikulo sa mga Dyornal

Abejo, Raymund Arthur. "Mga Kalamidad at ang Rebelyong Dios-Dios sa Samar noong Dantaon 19." *Philippine Social Sciences Review* 57, blg. 1-4 (2005): 115-142.

Alcantara, Adelamar. "Gender Roles, Fertility, and the Status of Married Filipino Men and Women." *Philippine Sociological Review* 42, blg. 1-4 (1994): 94-109.

Bautista, Victoria. "Ang Implikasyon sa Disiplina ng Sosyolohiyang Para sa Kaunlaran." *Philippine Sociological Review* 39, blg. 1-4 (1991): 5-9.

Blust, Robert. "Linguistic Evidence for Some Early Austronesian Taboos." *American Anthropologist* 83 (1981): 285-319.

Bundgaard, Leslie. "Philippine Local Government." *The Journal of Politics* 19, blg. 2 (1957): 262- 283.

De Leon, Jay Israel B. "Si Ernesto Constantino at ang Wikang Filipino: Intelektuwal na Talambuhay ng isang Haligi ng Lingguwistika at Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas." *Malay* 33, blg. 1 (December 2020): 1-21.

- Demetrio, Francisco. "Creation Myths among the Early Filipinos." *Asian Folklore Studies* 27, blg. 1 (1968): 41-79.
- Dino, Marjury Estillero. "Shoemaking in a Central Philippine City: A Disappearing Tradition?" *Social Transformations* 8, blg. 2 (2020): 259-295.
- Escoda, Antonio. "The Mat Industry of Basey, Samar (Philippines)." *Folklore Studies* 12 (1953): 119-123.
- Francisco, Juan R. Pat. *Asian Studies* Vol. 1, Special Issue: Lectures in Honour of Dr. Cecilio Lopez (1963).
- Guevarra Jr., Rudy. "Filipinos in Nueva España: Filipino-Mexican Relations, Mestizaje, and Identity in Colonial and Contemporary Mexico." *Journal of Asian American Studies* 14, blg. 3 (2011): 389-416.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. "Ang Tundo ni Bonifacio, Si Bonifacio sa Tundo." *Saliksik E-Journal* 3, blg. 2 (2014): 26-78.
- _____. "Asawa at Inaasawa: Ang Kalaguyo sa Kasaysayan mula Prekolonyal hanggang Pananakop ng Kastila." *Scientia Journal Special Issue* (2011): 153-190.
- Kirshenblatt-Gimblett, Barbara at Doreen Fernandez. "Culture Ingested: On the Indigenization of Philippine Food." *Gastronomica: The Journal of Food and Culture* 3, blg. 1 (2003): 58-71.
- Laurel, R. Kwan. "Pinoy English: Language, Imagination, and Philippine Literature." *Philippine Studies* 53, blg. 4 (2005): 532-562.
- Linn, Brian McAllister. "The Pulahan Campaign: A Study in US Pacification." *War in History* 6, blg. 1 (1999): 45-71.
- Lynch, Frank. "Henry Otley Beyer 1883-1966." *Philippine Studies* 15, blg. 1 (1967): 3-8.
- Madrid, Randy. "A History of Disastrous Fires in Philippine Chinatown." *Philippine Social Sciences Review* 64, blg. 2 (2012): 1-14.

- Manuel, E. Arsenio. "A Survey of Philippine Folk Epics." *Asian Folklore Studies* 22 (1963): 1-76.
- Manzano, Valeria. "The Blue Jean Generation: Youth, Gender, and Sexuality in Buenos Aires, 1958-1975." *Journal of Social History* 42, blg. 3 (2009): 657-676.
- Mojares, Juvy. "Social Networks and Industry Competitiveness: The Case of Liliw Footwear Industry." *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research* 2, blg. 1 (2014): 74-78.
- Mojares, Resil. "Where is the Center? Ideology Formation and the Constitution of a Rural Cebuano Community: 1582-1988." *Philippine Quarterly of Culture & Society* 28, blg. 1 (2000): 1-78.
- Moralina, Aaron. "State, Society, and Sickness: Tuberculosis Control in the American Philippines, 1910- 1918." *Philippine Studies* 57, blg. 2 (2009): 179-218.
- Navarro, Atoy at Alvin Campomanes. "Mapanuring Pagsasaling Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (Pebrero 21-23, 1973)." *Saliksik E-Journal* 7, blg. 2 (2018): 83-149.
- Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 1, blg. 1 (2015): 55-78. Unang inilathala sa Violeta Bautista at Rogela Pe-Pua, mga pat., *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya, at Pananaliksik*, 46-72. Maynila: Kalikasan Press, 1991.
- Santiago, Luciano. "The Filipino Indios Encomenderos (ca. 1620-1711)." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 18, blg. 3 (1990): 162-184.
- Sison-Buban, Raquel. "Saling Abueg: Ang Pagtatagpo ng Ideya at Praktika ng Pagsasalin." *Malay Journal* 24, blg. 1 (2011): 93-103.
- Solheim, Wilhelm G. II. "H. Otley Beyer." *Asian Perspectives* 12 (1969): 1-18.
- Tugano, Axle Christien. "Kasaysayang Buhay ni Kapital Moy (1851-1891) sa Konteksto ng Kasaysayang Mariqueño." *Hasaan Journal* 6, blg. 1 (2020): 48-90.

Villiers, John. "Silk and Silver: Macau, Manila, and Trade in the China Seas in the Sixteenth Century." *Journal of the Hong Kong Branch of the Royal Asiatic Society* 20 (1980): 66-80.

Weightman, George Henry. "A Preliminary Ecological Description of the Chinese Community in Manila." *Philippine Sociological Review* 3, blg. 4 (1955): 23-27.

Wolters, Willem. "From Silver Currency to the Gold Standard in the Philippine Islands." *Philippine Studies* 51, blg. 3 (2003): 375-404.

Monograp

Gonzales, Andrew B. Pat. *Parangal kay Cecilio Lopez: Essays in Honor of Cecilio Lopez on His Seventy-Fifth Birthday*. Philippine Journal of Linguistics, Special Monograph Issue No. 4. Quezon City: Linguistic Society of the Philippines, 1973.

Ptak, Roderich. "Trade Between Macau and Southeast Asia in Ming Times: A Survey." *Monumenta Serica* 54 (2006): 465-489.

Reyes, Portia at Ramon Guillermo. "Paraphrasing Europe: Translation in Contemporary Filipino History." *Kritika Kultura* 13 (2009): 64-99.

Zamora, Mario D. "Henry Otley Beyer 1883-1966." *American Anthropology* Vol. 76 (1974): 361-362.

Zamora, Mario D., at Kristin J. Olsen. "Cecilio Lopez 1889-1979." *American Anthropologist* 82 (1980): 555-556.

Tesis at Disertasyon

Cruz, Pamela D. Ang Kilusan para sa Wikang Pambansa ng Pilipinas at si Dr. Cecilio Lopez. Tesis, Master sa Arte (Linggwistiks), Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City, 1975.

Hernandez, Jose Rhommel. Mapanuring Paglilimbag: Isang Pagsasalin at Pagsusuri ng Historia De La Insurreccion Filipina En Cavite (Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Cavite) ni Don

- Telesforo Canseco, 1897. M.A. tesis sa Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 1998.
- Hernandez, Jose Rhommel. Ang Nuestra Prision En Poder De Los Revolucionarios Filipinos (1898-1899) ni Ulpiano Herrero y Sanpedro, O.P. (1864-1923): Salin at Saysay. Ph.D. disertasyon sa Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 2006.
- Lapar, Dedina. Ang Liham ni Fray Gaspar de San Agustin: Isang Mapanuring Pamamatnugot. M.A. tesis sa Kasaysayan, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 1992.
- Lobrigo, Manuel. The Fate of Bicol (Philippines): Abaca Handicraft Industry in the Global Market. Tesis, Department of Social and Economics Sciences, Karl Franzens University, 2008.
- Miclat, Mario. Ang Pagsasalin ng “Taong Yungib ng Peking” ni Cao Yu: Mga Implikasyong Teoretikal sa Semantikong Salin sa Filipino Mula sa Orihinal na Tsinong Dulang “Beijingren.” Disertasyon sa Filipino, University of the Philippines, Diliman, 1994.
- Ocampo, Nilo. Masikang Sambulat: Pagtatanghal sa Filipino sa Salin kay Austin Coates, Rizal: Philippine Nationalist and Martyr. Ph.D. disertasyon sa Filipino (Pagsasalin). University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 1994.
- Rapisora-Lagos, Ma. Concepcion. Sapatero in Marikina City: Enacting Economies in the Philippines’ Footwear Capital. Disertasyon sa Philippine Studies, University of the Philippines Diliman, 2018.
- Tirad, Aurora de Vera. Ang Angkan at ang Kanyang Bansag: Pagtugaygay sa Isang Aspekto ng Kasaysayang Kultural ng Marikina. Tesis sa Philippine Studies, University of the Philippines, Diliman, 2007.

Elektronikong Batis

National Library of the Philippines. “H. Otley Beyer Ethnographic Collection.” *National Library of the Philippines*. Matatagpuan sa <https://bit.ly/3SKohIJ>. Inakses noong Oktubre 30, 2022.

Papel sa Kumperensya

Salazar, Zeus A. “Dr. Cecilio Lopez (1898-1979), Father of Philippine Linguistics, and Otto Dempfwoolf’s Vergleichende Lautlehre des Austronesischen Wortschatzes (Comparative Phonetics of the Austronesian Vocabulary).” Paper presentation in the conference Intellectuals in Intercontinental Conversations, organized by European Association for Southeast Asian Studies, 2022.

Manuskrito

PAGPAPATUNAY, SA SINO MANG KINAUUKULAN. Oktubre 7, 2022, Dokumentong ipinagkaloob ni Diony Cruz Andres noong Oktubre 7, 2022. Napetsahan noong Oktubre 7, 1967 hinggil sa pagbebenta ng kaniyang ama ng kalabaw.

Tugano, Axle Christien. Isang Dekada ng Pagkatakot, Panaghoy, at Pagkamatatag: Pananaw at Naratibo ng mga Biktima ng Bahang Idinulot ng Bagyong Ondoy (2009) sa Lunsod ng Marikina. ‘Di-limbag na manuskrito, 2022.

Tugano, Axle Christien. Bantayog ng mga Bayani, A Unique Filipino Monument by Senator Aquilino “Nene” Pimentel: Salin at Anotasyon. Di-limbag na manuskrito, 2022.

Personal na Komunikasyon

Salazar, Zeus A. Personal communication. Bahay Escaler, Loyola Heights, Quezon City.